

DEPED TAMBAYAN

<http://richardrrr.blogspot.com/>

1. Center of top breaking headlines and current events related to Department of Education.
2. Offers free K-12 Materials you can use and share.

10

Edukasyon sa Pagpapakatao

Modyul para sa Mag-aaral

Yunit G

Ang aklat na ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan at pamantasan. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.

**Kagawaran ng Edukasyon
Republika ng Pilipinas**

Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasampung Baitang
Modyul para sa Mag-aaral
Unang Edisyon 2015
ISBN:

Paunawa hinggil sa karapatang-sipi. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagtibay sa isang kasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kumakatawan sa paghiling ng pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hinarap at ginamit dito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng tagapaglathala (*publisher*) at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Dina S. Ocampo, PhD

Mga Bumuo ng Modyul para sa Mag-aaral

Mga Konsultant:	Manuel B. Dy Jr., PhD at Fe A. Hidalgo, PhD
Editor:	Luisita B. Peralta
Mga Manunulat:	Mary Jean B. Brizuela, Patricia Jane S. Arnedo, Goefrey A. Guevara, Earl P. Valdez, Suzanne M. Rivera, Elsie G. Celeste, Rolando V. Balona Jr., Benedick Daniel O. Yumul, Glenda N. Rito, at Sheryll T. Gayola
Tagaguhit:	Gilbert B. Zamora
Naglayout:	Jerby S. Mariano
Mga Tagapamahala:	Dir. Jocelyn DR. Andaya, Jose D. Tuguinayo, Jr., Elizabeth G. Catao, at Luisita B. Peralta

Inilimbag sa Pilipinas ng FEP Printing Corporation
Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat
(DepEd-IMCS)

Office Address: 5th Floor Mabini Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054 or 634-1072
E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

Talaan ng Nilalaman

Ikalawang Markahan

Modyul 5: Ang Pagkukusa ng Makataong Kilos at Mga Salik na Nakaapekto sa Pananagutan ng Tao sa Kahihinatnan ng Kilos at Pasiya	83
Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?	83
Paunang Pagtataya	85
Pagtuklas ng Dating Kaalaman	87
Paglinang ng mga Kaalaman, Kakayahan, at Pag-unawa	90
Pagpapalalim	92
Pagsasabuhay ng mga Pagkatuto	104
Modyul 6: Ang Layunin, Paraan, Sirkumstansiya, at Kahihinatnan ng Kilos	107
Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?	107
Paunang Pagtataya	108
Pagtuklas ng Dating Kaalaman	111
Paglinang ng mga Kaalaman, Kakayahan, at Pag-unawa	113
Pagpapalalim	115
Pagsasabuhay ng mga Pagkatuto	122
Modyul 7: Ang Kabutihan o Kasamaan ng Kilos Ayon sa Paninindigan, Gintong Aral, at Pagpapahalaga	125
Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?	125
Paunang Pagtataya	126
Pagtuklas ng Dating Kaalaman	128
Paglinang ng mga Kaalaman, Kakayahan, at Pag-unawa	129
Pagpapalalim	131
Pagsasabuhay ng mga Pagkatuto	138
Modyul 8: Mga Yugto ng Makataong Kilos at Mga Hakbang sa Moral na Pagpapasiya	143
Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?	143
Paunang Pagtataya	144
Pagtuklas ng Dating Kaalaman	146
Paglinang ng mga Kaalaman, Kakayahan, at Pag-unawa	149
Pagpapalalim	151
Pagsasabuhay ng mga Pagkatuto	158

MODYUL 5: ANG PAGKUKUSA NG MAKATAONG KILOS AT MGA SALIK NA NAKAAPEKTO SA PANANAGUTAN NG TAO SA KAHIHINATNAN NG KILOS AT PASIYA



A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Sa Modyul 4 natutuhan mo, na ang kalayaan ang nagbibigay sa tao ng kakayahang pumili at maging mapanagutan sa piniling pasiya. Kung lagi kang nagsisikap na piliin ang pasiya at kilos na nagpapakita ng pagmamahal at tumutugon ka sa mga sitwasyong nangangailangan ng iyong paglilingkod, anuman ang balakid, masasabing nagtataglay ka ng tunay na kalayaan.



Ngunit may mga pagkakataon na ganitong mga kataga ang naririnig mo “*Matuto ka namang magkusa dahil hindi ka na bata!*” Bakit gayon na lamang ang laki ng inaasahan sa tao lalo na sa mga gawaing humahamon sa kaniyang kakayahan na tumugon dito? Sa modyul na ito, sagutin mo ang Mahalagang Tanong: Halika! Tahakin ang landas ng pagiging makatao sa pamamagitan ng pagpili ng mabuting opsiyon.

Sa modyul na ito, inaasahang masasagot mo ang mga mahahalagang tanong na ito:

1. Bakit may pananagutan ang tao sa kahihinatnan (kabutihan o kasamaan) ng makataong kilos?
2. Bakit nakaaapekto ang kamangmangan, masidhing damdamin, takot, karahasan, at gawi sa pananagutan ng tao sa kahihinatnan ng kaniyang mga kilos?

Inaasahan ding maipamamalas mo sa modyul na ito ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

5.1 Nakikilala:

- a. na may pagkukusa ang makataong kilos kung nagmumula ito sa malayang pagsasagawa ng kilos-loob sa pamamatnubay ng isip
- b. ang bawat salik na nakaaapekto sa pananagutan ng tao sa kahihinatnan ng kaniyang kilos at pasiya

5.2 Nakapagsusuri ng:

- a. mga kilos na may pananagutan
- b. mga sitwasyong nakaaapekto sa pagkukusa ng kilos dahil sa kamangmangan, masidhing damdamin, takot, karahasan, at gawi

5.3 Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin

5.4 Nakapagsusuri ng:

- a. sariling kilos na dapat panagutan at nakagagawa ng paraan upang maging mapanagutan sa pagkilos
- b. sariling pasiya batay sa mga salik na nakaaapekto sa pananagutan ng tao sa kahihinatnan ng kilos at pasiya at nakagagawa ng mga hakbang upang mahubog ang kaniyang kakayahan sa pagpapasiya nang tama at mabuti

Naririto ang mga kraytirya ng pagtataya ng *output* sa kakayahang pampagkatuto 5.4:

- a. May angkop na *flow chart* na magiging gabay at nagpapakita ng kilos kung ito ay mabuti o masama kasama na ang mga salik na maaaring makaapekto rito;
- b. May mga hakbangin sa paghuhusga ng isang kilos bilang mabuti o masama na nagsasaalang-alang ng mga salik na maaaring makaapekto rito;
- c. May paliwanag ang mga makataong kilos na nababawasan ang kapanagutan; at
- d. May kongkretong plano upang mapanatili ang kakayahan at ang kamalayan sa pagiging mapanagot sa makataong kilos.

Bago magsimula ang pagtalakay sa mga paksang susunod, mabuting sagutan ang mga maikling pagtataya bilang sukatan ng iyong mga kaalaman at maging puhunan mo sa mga susunod pang talakayan. Handa ka na ba?



Paunang Pagtataya

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik ng iyong napiling sagot sa iyong kuwaderno.

1. Kung kikilalanin ang katuruan ni Aristoteles, aling kilos ang ipinakita ng isang taong nanakit sa kapuwa dahil sa galit bilang reaksiyon sa panloloko sa kaniya?
 - a. Walang kusang-loob
 - b. Kusang-loob
 - c. Di kusang-loob
 - d. Kilos-loob
2. Nakagagawa ng mali ang tao hindi dahil ninais niya kundi nakikita niya ito bilang mabuti at nakapagbibigay ito ng kasiyahan. Ito ay sa kadahilanang ang ____ niya ay nakatuon at kumikiling sa mabuti sa kanya na nakikita niya bilang tama.
 - a. Isip
 - b. Kalayaan
 - c. Kilos-loob
 - d. Dignidad
3. Masipag at matalinong mag-aaral si Ali. Sa talakayan at pangkatang gawain ay hindi siya nagpapahuli. Marami siyang mga gawain na nagpapatunay ng kaniyang galing. Dahil dito, naging paborito siya ng kaniyang mga guro at lagi siyang nabibigyan ng papuri sa magaganda niyang ginagawa. May pananagutan ba si Ali kung bakit nasa kaniya ang paghanga at mataas na pagtingin ng kaniyang mga guro?
 - a. Oo, dahil siya na lamang ang parating nagtataas ng kamay upang sumagot.
 - b. Oo, dahil hindi niya pinagbibigyan ang ibang kaklase upang sumagot.
 - c. Wala, dahil ginagawa niya ang tama bilang isang mag-aaral.
 - d. Wala, dahil talagang may kumpetisyon sa isang klase.
4. Ang tao ay inaasahan na dapat palagiang gumagawa ng mabuting kilos. Anuman ang mabuti ay dapat isinasakatuparan niya. Ang mabuting gawa ba ay dapat gawin sa lahat ng pagkakataon?
 - a. Oo, dahil ito ang dapat para sa kabutihan ng lahat.
 - b. Oo, dahil ang hindi nito pagsakatuparan ay isang maling gawain.
 - c. Hindi, dahil walang obligasyon ang tao na gawin ito.
 - d. Hindi, dahil ang mabuting kilos ay kailangan lamang gawin kung ang hindi

- pagsakatuparan nito ay magdadala ng isang maling bunga.
5. Alin sa sumusunod na halimbawa ang hindi madaraig ng kamangmangan?
 - a. Pagliban ng isang estudyante na ang dahilan ay wala siya noong nagbigay ng takdang-aralin ang kanilang guro.
 - b. Hindi pagsuot ni Mabel ng kaniyang ID kaya hindi siya pinapasok.
 - c. Pagpasiya ng isang estudyante na pumasok sa klase kahit pa laging huli sa pagpasok ang kanilang guro.
 - d. Pag-uwi ng maaga ni Pedro dahil sa may *emergency meeting* ang mga guro ng araw na iyon.

 6. Alin sa mga ito ang kilos na dahil sa takot?
 - a. Ang pagnanakaw ng kotse.
 - b. Ang pag-iingat ng isang doctor sa pag-oopera.
 - c. Ang pagsisinungaling sa tunay na sakit.
 - d. Ang pag-ilag ni Manny Pacquiao sa suntok.

 7. Alin sa sumusunod ang tunay na dahilan kung bakit hindi mapananagutan ang kilos dahil sa karahasan?
 - a. Dahil sa malakas na impluwensiya sa kilos
 - b. Dahil sa kahinaan ng isang tao
 - c. Dahil hindi kayang maapektuhan ang isip
 - d. Dahil hindi kayang maapektuhan ang kilos-loob

 8. Alin sa mga kilos na ito ang bawas ang pananagutan dahil sa damdamin?
 - a. Panliligaw sa *crush*.
 - b. Pagbatok sa barkada dahil sa biglaang panloloko.
 - c. Pagsugod sa bahay ng kaalitan.
 - d. Panlilibre sa barkada dahil sa mataas na markang nakuha.

 9. Alin sa mga ito ang *hindi* maituturing na gawi?
 - a. Paglilinis ng ilong
 - b. Pagpasok nang maaga
 - c. Pagsusugal
 - d. Maalimpungatan sa gabi

 10. Isang matandang babae ang nagpapapalit ng malaking pera sa isang *sari-sari store*. Ngunit walang barya na maaaring ipalit sa kaniyang pera. Ngunit ang totoo ay mayroon naman dahil maraming benta ang kanilang tindahan. Ang tindera ay nagsinungaling. Anong salik ang nakaapekto sa sitwasyong ito?
 - a. Takot
 - b. Kamangmangan
 - c. Karahasan
 - d. Masidhing damdamin



B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1: *Think, Pair, and Share*

Panuto: Basahin at suriin ang mga sitwasyon. Isulat sa iyong kuwaderno ang mga sagot. Pagkatapos, humanap ng kapareha at magbahaginan ng inyong sagot.

<p><i>Sitwasyon 1.</i> Humanga ang iyong mga kaklase dahil sa pambihirang galing na ipinakita mo sa isang paligsahan. Lumapit sila sa iyo at binati ka. Hindi mo akalain na may kaklase ka na siniraan ka dahil sa inggit sa iyo. Ngunit mas minabuti mong manahimik at ipagsabalikat na lamang bagaman nakaramdam ka ng pagkapahiya. May kaibigan ka na nagsabing naniniwala silang hindi iyon totoo.</p>	<p>Tanong: Dapat ka bang magpakita ng galit dahil sa iyong pagkapahiya? Bakit?</p> <hr/> <hr/> <hr/>
--	--

<p><i>Sitwasyon 2.</i> Nasaksihan mo ang pananakit ng isang <i>bully</i> sa iyong kaklase sa loob ng klasrum. Dahil sa takot na baka madamay ka, hindi mo ito sinumbong sa kinauukulan.</p>	<p>Tanong: Mapapanagot ka ba sa iyong pananahimik? Bakit?</p> <hr/> <hr/> <hr/>
---	---

<p><i>Sitwasyon 3.</i> Nagbilin ang inyong guro na sabihan ang pangulo ng inyong klase na magpulong para sa paghahanda sa darating na Foundation Day ng paaralan. Biglaang nagyaya ang iyong mga kaibigan na pumunta sa <i>birthday party</i> ng isang kaklase kung kaya nakalimutan mong ipagbigay-alam ang bilin sa iyo.</p>	<p>Tanong: May pananagutan ka ba sa maaaring kahinatnan dahil hindi mo nasabi ang ipinagbilin sa iyo ? Bakit?</p> <hr/> <hr/> <hr/>
--	---


Mga Tanong:

1. Ano ang iyong mga reaksiyon sa bawat sitwasyon?
2. Kung ikaw ang nasa unang sitwasyon, susundin mo ba ang udyok ng iyong damdamin? Bakit? Bakit hindi?
3. Sa ikalawang sitwasyon, makatutulong ba ang pananahimik mo na huwag magsumbong? Masasabi bang mayroon kang pananagutan bilang saksi sa ginawang pananakit ng iyong kaklase sa kapuwa mo kaklase? Ipaliwanag.
4. Sa ikatlong sitwasyon, gaano ang bigat ng iyong pananagutan sa pagbibigay ng bilin sa iyo na di sadya ay nakalimutan mo?
5. Kung ikaw ang nasa sitwasyon 1, 2, at 3, ano ang nararapat mong gawin na magpapamalas ng makataong kilos?
6. Paano dapat ipamalas ng tao sa kaniyang araw-araw na buhay ang paggamit ng isip at kilos-loob sa pagtugon sa mga gawaing nangangailangan ng pananagutan?


Gawain 2

Panuto: Bumuo ng anim na pangkat. Pag-aralan ang mga sitwasyon sa ibaba. Gabay ang pormat, tukuyin ang mga salik na nakaaapekto sa pananagutan ng tao na naging dahilan kung bakit naging mahina ang tauhan sa pagpili ng mabuting opsiyon at hindi naging mapanagutan ang kaniyang kilos. Ang mga salik ay *kamangmangan*, *masidhing damdamin*, *takot*, *karahasan*, at *gawi*. Gawin sa loob ng 15 minuto. Pumili ng lider na magpapaliwanag sa awtput.


Para sa Pangkat 1




Para sa Pangkat 2




Para sa Pangkat 3




Para sa Pangkat 4



Para sa Pangkat 5



Para sa Pangkat 6



Sagutin ang mga tanong:

- Ano ang iyong masasabi sa mga sitwasyong sinuri ng inyong pangkat? Bakit ito ang naging salik na nakaapekto sa pananagutan ng tao sa kahihinatnan ng kaniyang kilos at pasiya?
- Paano nakahahadlang ang mga salik na ito tungo sa mabuting pagpili at pagpapasiya? Ipaliwanag.
- Ano ang pananagutan ng bawat tauhan sa kaniyang kilos na makapagpasiya ng mabuting opsiyon tungo sa makataong kilos?



C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

Gawain 3

Panuto: Gamit ang talahanayan, tukuyin kung ang kilos sa unang kolum ay nagpapakita ng presensiya ng isip, kilos-loob, at kung ito ay mapanagutang kilos. Lagyan ng tsek (✓) kung ang kilos ay ginamitan ng isip, kilos-loob, at mapanagutan, at ekis naman (X) kung hindi.

Mga Kilos at Gawain ng Tao	Isip	Kilos-loob	Mapanagutang kilos	Paliwanag
1. Pagdala ng drayber ng <i>taxi sa ospital sa</i> kaniyang matandang pasahero na inatake sa puso				
2. Pagsauli ng sobrang sukli sa tindera sa palengke				

3. Paghikab ng malakas na hindi tinatakpan ang bibig				
4. Pagsasalita habang natutulog				
5. Pagtangi sa isang alok ng barkada na magpunta sa <i>comedy bar</i> dahil sa maaga pa ang pasok bukas at may <i>report</i> sa trabaho kinabukasan na dapat tapusin				
6. Paghimas sa tiyan dahil sa gutom				
7. Pagsisikap na bumuo ng mga tanong na may mapanuring pag-iisip sa ginagawang <i>investigatory project</i>				
8. Pagkurap ng mata				
9. Pagtuturo ng guro sa kaniyang klase nang handa at may pagnanais na magbahagi ng kaniyang kakayahan ayon sa <i>learning competency</i> ng kaniyang aralin				
10. Pagsigaw dahil sa pagkagulat sa paputok				

Sagutin ang mga tanong:

- a. Aling kilos ang nagpapakita ng paggamit ng isip at kilos-loob? Ipaliwanag.
- b. Aling kilos ang nagpapakita ng hindi paggamit ng isip at kilos-loob? Bakit?
- c. Bakit mahalaga na magpakita ng kapanagutan sa mga kilos na ginagawa?
- d. Paano magiging mapanagutan ang isang tao sa kaniyang piniling kilos?
- e. Bilang mag-aaral sa Baitang 10, ano-ano ang iyong mga gingawa sa araw-araw na nagpapakita ng makatao at mapanagutang kilos? Ipaliwanag.

Gawain 4

Panuto: Bumuo ng apat na pangkat. Bawat pangkat ay may diyaryo o anumang artikulo o balita na tungkol sa mga pangyayaring naganap. Pumili ng lider at tagasulat ng ulat. Pumili ng artikulo o balita at suriin ito kung ang mga kilos na ipinakita ng tauhan ay mapanagutan o hindi. Tukuyin ang mga salik na nakaaapekto sa pagkukusa ng kilos dahil sa kamangmangan, masidhing damdamin, takot, karahasan, at gawi. Pagkatapos sagutin ang mga tanong sa ibaba.

Sagutin ang sumusunod:

- Ano ang ipinakitang sitwasyon?
- Dapat ba talagang managot ang may gawa ng kilos? Bakit?
- Batay sa pangyayari o sitwasyon na inilahad, ano ang maaaring ipataw, pabuya, o kaparusahan? Ipaliwanag.



D. PAGPAPALALIM

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sanaysay.

Ang Makataong Kilos


Sa mga nakaraang modyul, natutuhan mo na ginagamit ng tao ang isip at kilos-loob, konsensiya at kalayaan hindi lamang upang mabuhay siya bilang tao, kundi upang siya ay magpakatao. Sadyang natatangi nga ang tao. Ipinagkaloob sa kaniya ang lahat ng kakayahan at pakultad upang hubugin ang kaniyang pagkatao at upang magpakatao. Kaya isang malaking hamon sa tao ang magpakatao at gamitin ang taglay niyang mga kakayahan sa pagkamit nito. Paano nga ba nahuhubog ang pagkatao ng tao? Paano niya ginagamit ang mga salik na nabanggit sa pagsisikap niyang magpakatao?



Ayon kay Agapay, anumang uri ng tao ang isang indibiduwal ngayon at kung magiging anong uri siya ng tao sa mga susunod na araw, ay nakasalalay sa uri ng **kilos** na kaniyang ginagawa ngayon at gagawin pa sa mga nalalabing araw ng kaniyang buhay. Dahil sa isip at kilos-loob ng tao, kasabay ang iba pang pakultad na kaniyang taglay tulad ng kalayaan, siya ay may kapangyarihang kumilos ayon sa kaniyang

nais at ayon sa katuwiran. Bawat segundo ng kaniyang buhay, siya ay kumikilos, naghahatid ng pagbabago sa kaniyang sarili, sa kaniyang kapuwa at sa mundong kaniyang ginagalawan. Ayon pa rin kay Agapay, ang kilos ang nagbibigay patunay kung ang isang tao ay may kontrol at pananagutan sa sarili. Sa puntong ito sa tulong ng babasahing ito, mahalagang lakbayin mo ang pag-unawa sa kilos mo bilang tao at ang pananagutan mo kaugnay nito.

May dalawang uri ng kilos ang tao: ang kilos ng tao (*acts of man*) at makataong kilos (*human act*). Ang *kilos ng tao (act of man)* ay mga kilos na nagaganap sa tao. Ito ay likas sa tao o ayon sa kaniyang kalikasan bilang tao at hindi ginagamitan ng isip at kilos-loob. Ang kilos na ito ay masasabing walang aspekto ng pagiging mabuti o masama - kaya walang pananagutan ang tao kung naisagawa ito. Halimbawa nito ay ang mga biyolohikal at pisyolohikal na kilos na nagaganap sa tao tulad ng paghinga, pagtibok ng puso, pagkurap ng mata, pagkaramdam ng sakit mula sa isang sugat, paghikab, at iba pa.



Ang *makataong kilos (human act)* naman ay kilos na isinagawa ng tao nang may kaalaman, malaya, at kusa. Ang kilos na ito ay resulta ng kaalaman, ginamitan ng isip at kilos-loob kaya't may kapanagutan ang tao sa pagsasagawa nito. Karaniwang tinatawag itong kilos na niloob, sinadya at kinusa sapagka't isinasagawa ito ng tao sa panahon na siya ay responsable, alam niya ang kaniyang ginagawa at ninais niyang gawin ang kilos na ito. Ang makataong kilos ay kilos na malayang pinili mula sa paghuhusga at pagsusuri ng konsensiya. Pananagutan ng taong nagsagawa ng makataong kilos ang bunga ng kaniyang piniling kilos. Kung mabuti ang kilos, ito ay katanggap-tanggap. At kung masama ang kilos, ito naman ay kahiya-hiya at dapat pagsisihan.

Maaari bang maging makataong kilos ang kilos ng tao? Ang sagot ay oo.

Halimbawa: Si Jasmin ay isang mag-aaral sa Baitang 10. Hilig niya ang magpunta sa *library* at doon ay magbasa ng mga paborito niyang dyornal. Sa kaniyang paglalakad ay naririnig niya ang kuwentuhan ng kaniyang mga kaklase tungkol sa maagang pag-aasawa ng isa nilang kamag-aaral. Hindi sadya na marinig niya ito at magkaroon ng kaalaman tungkol dito. Kaya hindi niya ito inintindi at nagpatuloy siya sa paglalakad patungo sa *library*.

Pagsusuri: Maliwanag na walang kamalayan si Jasmin sa tsismis sa loob ng kanilang klase. Kahit narinig pa niya ang mga ito sa kaniyang paglalakad



patungo sa *library*, hindi ito tumimo sa kaniyang isip gayundin ang mga detalye ng kuwento. Kaya, ang kilos na pagkakarinig ay hindi sinadya. Ang kakayahan niyang tumugon sa mga narinig ay hindi niya pinili. Kaya, ang kilos na pagdinig sa usapan ay hindi malayang pinili.

Samakatwid, maipapalagay natin na isang kilos ng tao ang makarinig ngunit ang kilos na narinig mula sa usapan galing sa umpukan ay isang kilos ng tao na maaaring maging makataong kilos. *Halimbawa:* Sa mga narinig mula sa umpukan habang naglalakad, nahikayat si Jasmine at naengganyo sa usapan tungkol sa kaklase nilang maagang nakapag-asawa. Siya ay lumapit sa umpukan, tuluyang nakihalubilo sa kanila, at nagbigay pa ng mga reaksiyon sa usapan.



Pagsusuri: Si Jasmin ay nagkaroon ng kaalaman sa mga usapan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng interes sa tsismis. Binigyan niya ng mga ideya ang kaniyang isip na maengganyo sa tsismis at pagtanong pa tungkol dito. Kaya, ang kilos na ito ay sinadya at pinag-isipan.

Sa pagkakataong ito, ginamit ni Jasmin ang kaniyang kakayahang pumili at malayang kilos-loob sa pagtukoy at pagpili ng kaniyang kilos. Ipinakita niya ito nang siya ay lumapit at makinig sa usapan/tsismis. Kaya, ang kilos ay malayang pinili.

Siya ay hindi lamang nakinig kundi nakihalubilo, nagtanong at nagbigay pa ng kaniyang reaksiyon - isang indikasyon na ito ay ginusto at sinadya. Ang kilos ay nagpakita ng pagkukusang kilos (*voluntary act*).

Dahil sa ang simpleng narinig ay naging kilos na ang intensiyon ay makarinig at makipagtsismisan, ang dating *kilos ng tao* ay naging *makataong kilos*. Sa kasong ito, ang kilos ay may kapanagutan (*imputable*) para kay Jasmin na siyang responsable sa piniling kilos.

Ang pananagutan ay nararapat na may kaalaman at kalayaan sa piniling kilos upang masabing ang kilos ay pagkukusang kilos (*voluntary act*). Ang bigat (*degree*) ng pananagutan sa kinakaharap na sitwasyon ng isang makataong kilos ay nakabatay sa bigat ng kagustuhan o pagkukusa. Ang mga ito (*degree of willfulness o voluntariness*) ay nasa lalim ng kaalaman at kalayaan na tinatamasa. Sa madaling salita, kung mas malawak ang kaalaman o kalayaan, mas mataas o mababang digri ang pagkukusa o pagkagusto. Kung mas mataas o mababang digri ang pagkukusa, mas mabigat o mababaw ang pananagutan.

Tatlong uri ng Kilos ayon sa Kapanagutan (*Accountability*)

Kailangang maging maingat ang tao sa paggawa ng *makataong kilos* sapagkat ang mga ito ay maaaring maging isyung moral o etikal. Ito ay dahil ang kilos na ito ay ginagawa nang may pang-unawa at pagpipili dahil may kapanagutan (*accountability*). Ayon kay Aristoteles, may tatlong uri ng kilos ayon sa kapanagutan: kusang-loob, di kusang-loob, at walang kusang-loob.



Kusang-loob. Ito ang kilos na may kaalaman at pagsang-ayon. Ang gumagawa ng kilos ay may lubos na pagkaunawa sa kalikasan at kahihinatnan nito.

Halimbawa: Ang isang gurong nasa sekondarya na gumaganap ng kaniyang tungkulin bilang guro. Gumagamit siya ng iba't ibangistratehiya sa pagtuturo para sa kaniyang klase. Nagbubuo rin siya ng banghay-aralin (*lesson plan*) bilang preparasyon sa kaniyang araw-araw na pagtuturo. Naghahanda siya ng mga angkop at kawili-wiling kagamitang pampagtuturo upang mapaunlad ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Gumagawa rin siya ng mga angkop na pagsusulit upang matiyak ang mga minimithing pagkatuto ng mga mag-aaral.

Pagsusuri: Ang halimbawang ibinigay ay nagpakita ng isang tunay o lubos na kaalaman tungkol sa isang gawain at kung paano ito dapat isagawa sa pamamagitan ng pagganap kung paano ito isakatuparan at maging matagumpay ito.

Maliwanag sa halimbawa na may lubos na kaalaman ang guro sa kaniyang ginagawang kilos. Ipinakita rin niya ang malayang kilos-loob na isakatuparan ang piniling kilos at maging mapanagutan dito. Kaya, masasabi nating ang kilos ay kusang-loob.

Di kusang-loob. Dito ay may paggamit ng kaalaman ngunit kulang ang pagsang-ayon. Makikita ito sa kilos na hindi isinagawa bagaman may kaalaman sa gawain na dapat isakatuparan.

Halimbawa: Si Arturo, isang barangay *official* ay naglingkod bilang COMELEC *member* para sa lokal at pambansang eleksiyon. Binulungan siya ng kaniyang *chairman* na tulungan ang isang kandidato sa pamamagitan ng “dagdag-bawas.” Alam niyang ito ay ilegal at labag sa kanilang moral na tungkulin kaya hindi siya pumayag. Sa kabila nito, ginawa parin niya ang pabor na hinihingi dahil baka matanggal siya bilang miyembro kung hindi siya susunod bagaman labag ito sa kaniyang kalooban.

Pagsusuri: Ang isinagawang kilos na mag “dagdag-bawas” ay naisakatuparan bagaman labag sa taong gumanap nito. Ito ay dahil may takot siya na matanggal sa kaniyang posisyon bilang miyembro ng COMELEC kung siya ay tatanggi. Ang kilos ay may pagkukusa (*voluntary*). Malaya siyang nagpasiya sa piniling kilos na tumulong na gawin ang maling gawain.

Sa sitwasyong ito, may depektibo sa intensiyon at pagsang-ayon ng taong nagsagawa kahit pa labag ito sa kaniyang kalooban. Kaya, masasabi nating ang kilos ay kulang ng pagsang-ayon at pagkukusa.

Walang kusang loob. Dito ang tao ay walang kaalaman kaya’t walang pagsang-ayon sa kilos. Ang kilos na ito ay hindi pananagutan ng tao dahil hindi niya alam kaya’t walang pagkukusa.

Halimbawa: May kakaibang ekspresyon si Dean sa kaniyang mukha. Madalas ang pagkindat ng kaniyang kanang mata. Nakikita ang manerismong ito sa kaniyang pagbabasa, pakikipagkuwentuhan sa kaibigan, at panonood ng telebisyon. Minsan sa kaniyang pamamasyal ay may lumapit na dalaga at nagalit sa kaniyang pangingindat. Nagulat siya dahil hindi niya alam na nabastos niya nang hindi sinasadya ang dalaga. Hindi humingi ng paumanhin si Dean dahil iyon ay isang manerismo niya.

Pagsusuri: Bagaman may kaalaman si Dean sa kaniyang manerismo, hindi naman ang pagkindat ang kaniyang paraan ng pagpapahayag ng pagkagusto sa dalaga. Sa kaniyang pagkilos, makikita na wala siyang kaalaman na sadyang bastusin o magpakita ng interes sa dalaga at magkusa siyang makipagkilala. Kung kaya, ang kilos ay walang pagkukusa dahil walang pagsang-ayon sa taong gawin ang kaniyang naisip dahil iyon ay kaniyang manerismo.

Layunin: Batayan ng Mabuti at Masamang Kilos

Makikita sa layunin ng isang makataong kilos kung ito ay masama o mabuti. Dito mapatutunayan kung bakit ginawa o nilayon ang isang bagay. Ayon kay Aristoteles, ang kilos o gawa ay hindi agad nahuhusgahan kung masama o mabuti. Ang pagiging mabuti at masama nito ay nakasalalay sa intensiyon kung bakit ginawa ito. Halimbawa, sa pagtulong sa kapwa, hindi agad masasabing mabuti at masama ang ipinakita maliban sa layunin ng gagawa nito. Magiging mabuti ito kung gagawin para sa isang tao na nangangailangan ng tulong mula sa pagbuhat ng mabigat na bagay at may kagustuhan siyang tumulong. Magiging masama ito kung may intensiyon siyang nakawin ang gamit ng kaniyang tinulungan.

Ang lahat ng bagay ay likas na may layunin o dahilan. Kung ilalapat sa mga sitwasyon, ang bawat kilos ng tao ay may layunin. Ang layuning ito ay nakakabit sa kabutihang natatamo sa bawat kilos na ginagawa. Ang kabutihang ito ay nakikita ng isip na nagbibigay ng pagkukusa sa kilos-loob na abutin o gawin tungo sa kaniyang kaganapan - ang kaniyang sariling kabutihan o mas mataas pang kabutihan. Ito ay ang itinuturing na pinakamataas na *telos* – ang pagbabalik ng lumikha sa tao, ang Diyos.

Ngunit kailan ba obligado ang isang tao na ilayon o gustuhin ang isang kabutihan? Dapat ba na gawin at abutin ang lahat ng bagay na nagbibigay ng kabutihan? Ang kabutihan ng inuman ay maaaring nilalayan ng isang tao. Dito ay maraming bagay na nakapagdudulot sa kaniya ng kasiyahan. Ngunit kailangan ba niyang pumasok sa inuman lalo na kung ito ay may posibilidad na may masamang resulta at hindi lamang ang kasayahan? Sa lahat ng ito ang pagpasok sa inuman ay isang makataong kilos na ginamitan ng isip at kilos-loob. Ibig sabihin, ito ang kilos na may pagkukusang-loob. Kaya ang isang taong lasing na nakapanakit ay hindi masisisi sa pananakit ngunit masisisi naman sa dahilan kung bakit siya nalasing. Ang taong sangkot ay may kapanagutan sa kilos na hindi niya direktang nilayon. Hindi mapananagot ang isang tao kung ang bunga ng kilos niya ay walang kaugnayan sa mismong ikinilos niya. Halimbawa nito ay kung nasaktan ang kaklase mo dahil sa hindi mo siya pinakopya. Ang nasaktang damdamin niya ay hindi maaaring iugnay sa iyo sapagkat hiwalay na ito sa pasiya mo na huwag magpakopya. Pero sa kaso ng inuman, ang masamang bunga ng isang kilos ay hindi mangyayari kung hindi naman magaganap ang mas kinusang-loob na kilos. Ibig sabihin nito kailangan mong maging maingat sa pagpapasiya sa bawat kilos. Kailangan nga ba obligado ang isang tao na kumilos patungo sa kabutihan?

Makataong Kilos at Obligasyon

Ayon kay Santo Tomas, hindi lahat ng kilos ay obligado. Ang isang gawa o kilos ay obligado lamang kung ang *hindi pagtuloy* sa paggawa nito ay may masamang mangyayari. Dapat piliin ng tao ang mas mataas na kabutihan - ang kabutihan ng sarili at ng iba, patungo sa pinakamataas na layunin. Halimbawa, ang pag-akay sa isang matanda na tatawid sa kalye. Kung hindi mo tutulungan ay maaaring mahagip ng mga sasakyan. At kung iyong itutuloy ang pag-akay sa kaniyang pagtawid, makasisiguro kang magiging maayos ang kaniyang kalagayan.

Ano ang mga halimbawa ng obligasyon na kung hindi ilalayan o isasagawa ay may masamang mangyayari?

Iba pang halimbawa, ang hindi mo pagbayad ng buwis. Mayroon ba itong masamang bunga? Mayroon, dahil sa huli ng argumento ay maaapektuhan ka ng

layunin kung bakit kailangan mong magbayad ng buwis. Mayroon kayang masamang bunga kung hindi ka mag-aaral nang mabuti? Mayroon, dahil ang kaalaman sa isang gawain na hinihingi ng hanapbuhay na papasukin o negosyong itatayo balang araw ay hindi makakamtan.

Kabawasan ng Pananagutan: Kakulangan sa Proseso ng Pagkilos

Ayon kay Aristoteles, may eksepsiyon sa kabawasan sa kalalabasan ng isang kilos kung may kulang sa proseso ng pagkilos. May apat na elemento sa prosesong ito: paglalayon, pag-iisip ng paraan na makarating sa layunin, pagpili ng pinakamalapit na paraan, at pagsasakilos ng paraan.

1. *Paglalayon.* Kasama ba sa nilalayon ang kinalabasan ng isang makataong kilos? Kung sa kabuuan ng paglalayon ay nakikita ng tao ang isang masamang epekto ng kilos na sa kaniya ang kapanagutan ng kilos.

Halimbawa, kung ang hindi mo pagbigay ng tulong sa isang kaklase na mahirap umunawa ng aralin ay nagbigay sa kaniya ng mababang marka, maaaring isisi sa iyo ang pagbaba ng kaniyang marka.

2. *Pag-iisip ng paraan na makarating sa layunin.* Ang pamaraan ba ay tugma sa pag-abot ng layunin at hindi lamang kasangkapan sa pag-abot ng naisin? Dito ay ginagamit ang tamang kaisipan at katuwiran.

Halimbawa, ang pagbibigay ng regalo sa kaklase o kaya ay pagiging mabait sa kaniya upang makapangopya sa panahon ng pagsusulit.

3. *Pagpili ng pinakamalapit na paraan.* Sa puntong ito, itatanong mo:
 - Nagkaroon ba ng kalayaan sa mga opsiyon na pagpipilian o pinili lamang ang mas nakabubuti sa iyo na walang pagsasaalang-alang sa maaaring epekto nito?
 - Iniwasan mo ba ang pagpipilian/opsiyon na mas humihingi ng masusing pag-iisip?
 - Ang lahat ba ay bumabalik lamang sa pansariling kabutihan na hindi nagtataguyod ng kabutihan ng iba?

4. *Pagsasakilos ng paraan.* Dito ay ginagamit ang kilos-loob na lalong nagpapalakas ng isang makataong kilos upang maging tunay na mapanagutan. Ang pagkilos sa pamaraan ay ang paglapat ng pagkukusa na tunay na magbibigay ng kapanagutan sa kumikilos.

Halimbawa, ang planong pagtulong sa isang komunidad. Ang paglikom at paghanap ng *sponsors at benefactors* ang siyang unang naging punto ng plano at kasunod ay ang mga *beneficiaries*. Lahat ay nabigyan ng kaukulang pansin dahil lahat ng komite ay nagbahagi ng kanilang makakaya.

Ikaw naman, ano-ano ang mga angkop na halimbawa ayon sa sitwasyong kinakaharap mo bilang mag-aaral sa Baitang 10?

Ayon kay Aristoteles, kung may kulang sa mga ito, nagkakaroon ng *kabawasan* sa kapanagutan ng isang tao ang ginawang kilos. Ngunit hindi nawawala ang kapanagutang ito maliban sa kung apektado ito ng mga salik na maaaring makapagpawala ng kapanagutan. Dahil dito, maaaring mabawasan o mawala ang kapanagutan. Ibig sabihin, ang kahihinatnan ng makataong kilos, kasama na ang pagpapataw ng parusa kung mayroon man, ay nababawasan din o nawawala.

Mga Salik na Nakaaapekto sa Makataong Kilos

Ang makataong kilos ay maaaring mabawasan o kaya ay mauwi sa pagiging isang ordinaryong kilos ng tao dahil sa mga salik na nakaaapekto rito. Ang mga salik ay direktang nakaaapekto o nakapagpapabago ng kalikasan ng isang makataong kilos lalo na sa papel ng isip at kilos-loob. Maaari ring mabawasan ang pananagutan ng makataong kilos dahil sa impluwensiya ng mga salik na ito. May limang salik na nakaaapekto sa makataong kilos: ang kamangmangan, masidhing damdamin, takot, karahasan, at gawi.

1. *Kamangmangan*. Isa sa pinakamahalagang elemento ng makataong kilos ay ang papel ng isip. Ang kamangmangan ay tumutukoy sa kawalan o kasalatan ng kaalaman na dapat taglay ng tao. Ito ay may dalawang uri: nadaraig (*vincible*) at hindi nadaraig (*invincible*). Ang kamangmangan na nadaraig ay ang kawalan ng kaalaman sa isang gawain subalit may pagkakataong itama o magkaroon ng tamang kaalaman kung gagawa ng paraan upang malaman at matuklasan ito. Ang kamangmangan na hindi nadaraig ay maaaring kamangmangan dahil sa kawalan ng kaalaman na mayroon siyang hindi alam na dapat niyang malaman. O kaya naman walang posibleng paraan upang malaman ang isang bagay sa sariling kakayahan o sa kakayahan man ng iba. Sa madaling salita, naibigay na ang lahat ng paraan upang maitama ang kamangmangan. Kung walang paraan upang maitama ang kamangmangan, ang isang gawa ay hindi itinuturing na makataong kilos at walang pananagutan sa bahagi ng gumawa. Halimbawa ay ang gawa ng isang taong itinuturing na



wala sa matinong pag-iisip. Hindi siya mapapanagot sa sirkumstansiyang ito. Ngunit kung ang kamangmangan na kayang baguhin sa pamamagitan ng isang masikap na paraan na alamin ang isang bagay bago gawin, may kapanagutan na siya sa kaniyang kilos. Maaari itong makapagbawas ng pananagutan dahil sa kaunting kakulangan sa pagsisikap na malabanan ang kamangmangan. Halimbawa nito ang isang tao na dumating sa Maynila galing sa probinsya. Tumawid siya sa isang kalsada na kung saan ipinagbabawal ang pagtawid. Ang kapanagutan sa ginawa niya ay hindi direktang makikita dahil sa kawalan niya ng kaalaman tungkol sa batas ng *jaywalking*.

2. *Masidhing Damdamin*. Ito ay ang dikta ng *bodily appetites*, pagkiling sa isang bagay o kilos (*tendency*) o damdamin. Maituturing ito na paglaban ng masidhing damdamin sa isip - para bang ang pangangailangan ng masidhing damdamin ay mas matimbang kaysa sa dikta ng isip. Ito ay ang malakas na utos ng *sense appetite* na abutin ang kaniyang layunin. Tumutukoy ito sa masidhing pag-asam o paghahangad na makaranas ng kaligayahan o kasarapan at pag-iwas sa mga bagay na nagdudulot ng sakit o hirap. Halimbawa nito ay ang pag-ibig, pagkamuhi, katuwaan, pighati, pagnanais, pagkasindak, pagkasuklam, pagnanasa, desperasyon, kapangahasan, pangamba, at galit.


Ang masidhing damdamin o *passion* ay normal na damdamin subalit ang tao ay may pananagutan upang pangasiwaan ang kaniyang emosyon at damdamin dahil kung hindi, ang mga emosyon at damdaming ito ang mangangasiwa sa tao. Ang paghubog ng mga positibong damdamin at maayos na pagtanggap sa mga limitasyon sa buhay ay isang daan upang mapangasiwaan ang damdamin.

Ang masidhing damdamin ay maaaring *nauuna (antecedent)* o *kaya'y nahuhuli (consequent)*. Ang *nauuna (antecedent)* ay damdamin na nadarama o napupukaw kahit hindi niloob o sinadya. Ito ay umiral bago pa man gawin ang isang kilos. Ang kilos sa ilalim ng damdaming ito ay hindi malaya kaya ito ay kilos ng tao (*act of man*). Ang *nahuhuli (consequent)* naman ay damdaming sinadyang mapukaw at inalagaan kaya ang kilos ay sinadya, niloob, at may pagkukusa. Bago pa isagawa ang kilos ay dapat na magkaroon ng panahon upang labanan nang mas mataas na antas na kakayahan – ang isip – upang mawala ang sidhi ng damdamin.

Narito ang isang halimbawa: Sa sobrang kagalakan ng lalaki dahil sa pagkapasa niya sa *Bar Exam* ay bigla niyang nayakap ang katabi niyang babae. Maaari ba siyang akusahan ng *sexual harassment*? Depende ito sa uri ng damdamin. Ito ay tinatawag na *nauna (antecedent)* kung ito ay umiral bago pa man gawin ang isang kilos at *nahuhuli (consequent)* naman kung ito ay nagkaroon muna ng pagkukusa mula sa kilos-loob.

Ang naunang damdamin (*antecedent*) ay hindi nakapag-aalis ng kapanagutan subalit nakapagpapababa lamang ito. Sinasabing sa ilalim ng damdaming ito nababawasan ang pagkukusa sapagka't ito ay nakabatay sa kaalaman at kalayaan. Naaapektuhan ng damdaming *nauuna* (*antecedent*) ang isip kaya't naaapektuhan nito ang paghuhusga at pagpapasiya. Katulad ng halimbawa natin sa lalaking nayakap ang kaniyang katrabaho sa sobrang galak. Hindi siya masisisi ng pagiging *guilty* ng *harassment* dahil hindi niya kinusa na matapakan ang karapatan ng iba. Ngunit kailangan pa rin niyang humingi ng paumanhin sa kaniyang maling kilos. Ang *nahuhuling* damdamin (*consequent*) naman ay ang pagkakaroon ng panahon na alagaan ang damdamin at ginagamit na dahilan o paraan sa ikinikilos. Katulad ng galit na kinimkim at naging dahilan sa paghihiganti, ang may gawa ay direkta at lubos na mapanagot sa kaniyang ginawa. Sa kabilang dako, ang damdaming *nauuna* ay maaaring maging damdaming *nahuhuli* kung ito ay aalagaan at ipagpapatuloy na manatili.

3. *Takot*. Katatapos lang ni Diego na manood ng isang nakatatakot na palabas. Habang nag-iisa, naglalaro sa isip niya ang mga napanood kaya pakiramdam niya ay may nakatingin sa kaniya. Biglang may tumalon na pusa sa harapan niya kaya siya ay napasigaw. Dahil dito, nagulat at nataranta ang mga tao sa bahay nila. Siya ba ay may pananagutan ng *alarm* at *scandal*?



Ang pagkatakot ay isa sa mga halimbawa ng masidhing silakbo ng damdamin. Ang takot ay ang pagkabagabag ng isip ng tao na humaharap sa anumang uri ng pagbabanta sa kaniyang buhay o mga mahal sa buhay. Tumutukoy din ito sa pagpataw ng puwersa gaya ng pananakit o pagpapahirap upang gawin ng isang tao ang kilos na labag sa kaniyang kalooban. Kasama rin dito ang pananakot sa tao o sa kaniyang mga mahal sa buhay upang mapasunod itong gumawa ng masama.

Sa buhay natin may mga pagkakataong kumikilos tayo nang may takot o di kaya ay dahil sa takot kaya nagawa natin ang isang bagay. Hindi nawawala ang pananagutan ng isang tao sa kilos na ginawa dahil sa takot kundi nababawasan lamang. Ito ay dahil malinaw pa rin sa isip ang ginagawa mo. Halimbawa, ikaw ay nakakita ng pambubulas (*bullying*). Dahil takot ka sa mga sigang mag-aaral, pinili mo na lamang na manahimik sa pag-usisa ng guro dahil sa takot sa pangyayaring nakita mo. Nabawasan ang kapanagutan ng pagsisinungaling mo sa sitwasyong ito. Kung ang takot ay makapagdadala sa isang tao ng pansamantalang kaguluhan ng isip at mawala ang kakayahang makapag-isip nang wasto, ang pananagutan ay nawawala.

4. *Karahasan*. Ito ay ang pagkakaroon ng panlabas na puwersa upang pilitin ang isang tao na gawin ang isang bagay na labag sa kaniyang kilos-loob at pagkukusa. Ito ay maaaring gawin ng isang taong may mataas na impluwensiya. Maaaring mawala ang pananagutan ng kilos o gawa na may impluwensiya ng karahasan. Ito ay kung nagkaroon ang tao ng sapat na paraan para labanan ang karahasan subalit nauwi sa wala at mas nasunod ang kalooban ng labas na puwersa. Ang tanging naapektuhan ng karahasan ay ang panlabas na kilos ngunit ang pagkukusa o kilos-loob ay hindi. Ngunit kailangan mong maglapat ng ibang paraan sa gitna ng karahasan bago masabing hindi ka mapanagot. Halimbawa, isang kaklase mong siga ang pinipilit kang kumuha ng pagkain sa kantina. Binantaan ka niya na aabangan sa labas kung hindi mo siya susundin. Sa pagtangi mo ay pinitik niya ang iyong tenga kaya napilitan ka na sundin siya. Sa pagkakataong ito, hindi ka mapanagot sa ginawa mo. Pero tandaan na kailangan mo munang mag-isip ng paraan para maiwasan ito.

5. *Gawi*. Ang mga gawain na paulit-ulit na isinasagawa at naging bahagi na ng sistema ng buhay sa araw-araw ay itinuturing na gawi (*habits*). Kung ang isang gawa o kilos ay nakasanayan na, nababawasan ang pananagutan ng isang tao ngunit hindi ito nawawala. Ito ay dahil ang isang gawi bago nakasanayan ay nagsimula muna bilang isang kilos na may kapanagutan at pagkukusa sa taong gumagawa. Kaya ang gawi ay hindi kailanman nakapagpapawala ng kapanagutan sa kahihinatnan ng makataong kilos. Halimbawa nito ay ang pagmumura na naging pang-araw-araw ng ekspresyon ng isang tao. Mapanagot ka pa rin dahil nagsimula ito bilang kusang pagsasalita nang hindi maganda at nakasanayan na lamang.

Maraming gawa o kilos ang tinatanggap na ng lipunan dahil ang mga ito ay bahagi na ng pang-araw-araw na gawain ng mga tao. Bilang bahagi ng sistema, may posibilidad na ituring ang mga ito na katanggap-tanggap na kilos na noong una ay hindi naman. Ang gawi ay masama kahit ito man ay maging isang uri ng kilos ng tao (*act of man*) dahil sa pinakaunang pagkilos nito ay may pag-iral ng kaalaman at kilos-loob. Ang bawat kilos na niloob ng tao ay may kakabit na pananagutan. Ang antas ng pananagutan ay nakadepende sa antas ng kilos na ginawa. Nangangahulugan ito na may maliit at malaking pananagutan para sa maliit at malaking bagay na nagawa. Ang Likas na Batas Moral ay patuloy na iiral upang manatili at umiral ang katarungan. Lahat ng bagay ay may kapalit, malaki man ito o maliit pa.

Maituturing mo na ba ang sarili mo bilang isang tao na may pananagutan sa ginagawa? May kakayahan ka na gumawa ng mapanagutang pasiya? Malinaw na ba sa iyo kung kailan ka lamang maaaring *ma-excuse* sa mga ginagawa mo? Handa ka na bang kumilos kaakibat ang mapanagutang resulta o kahihinatnan ng ano mang pasiya mo? Sa mga sagot mo sa tanong na ito, ano ang mga patunay sa katatagan mo bilang isang mapanagutang indibidwal na may makataong kilos?

Tayahin ang Iyong Pag-unawa

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan, sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang mga kilos na maituturing na makatao at dapat mapanagutan? Ipaliwanag.
2. Sa tatlong uri ng kilos na maituturing na makatao, alin ang karapat-dapat panagutan? Bakit?
3. Kailan natin matutukoy na ang gawain o kilos ng tao ay hindi makakapanagot sa masamang epekto ng makataong kilos? Ipaliwanag.
4. Ang layunin ba ng kilos ay batayan din sa paghusga kung ang kilos ay mabuti o hindi mabuti? Pangatuwiran.
5. Kailangan obligado ang tao na isagawa ang isang makataong kilos? Ipaliwanag.

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Panuto: Mula sa iyong mga pagkatuto sa babasahin, tapusin ang sinimulang pangungusap upang mabuo ang Batayang Konsepto.

1. Ang makataong kilos ay sinadya at niloob ng tao, _____

2. Nakaaapekto ang _____ sa pananagutan ng tao sa _____



E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Panuto: Ang mapanagutang kilos ay may papel ng isip at kilos-loob. Bilang tao, hindi natin hangad ang masamang bunga ng ating piniling kilos o gawa; kung kaya dapat na maging maingat sa mga pagpapasiya. Kung maharap ka sa mga sitwasyon sa ibaba, ano ang dapat mong gawin? Ipaliwanag.

1. Sa isang pangkatang gawain, hinati kayo ng guro sa tig-aapat sa bawat pangkat. Ngunit may isa kayong kaibigan na nais makisama sa inyong pangkat.
2. May napulot kang *cellphone* sa *tricycle* na sinasakyan mo.
3. May mali sa panuto ng guro at maaaring mamali kayo sa pagsagot.
4. Nalaman mo na may kasintahan na ang nakababata mong kapatid.

Pagninilay

Panuto: Pagnilayan ang sumusunod. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

1. Ano ang pagkatao ng isang taong may matibay na paninindigan sa kaniyang kilos?
2. Ano ang mga paraan na maaari mong gawin upang hindi ka maapektuhan ng mga salik sa makataong kilos?

Pagsasabuhay

Gunitain ang mga pangyayari sa buhay mo kung saan may mga tao kang nasaktan (maaaring dahil sa kapabayaan mo o dahil sa pansariling kabutihan lang ang inisip mo). Isulat ang mga sitwasyong ito at ang kapuwang nasaktan sa una at ikalawang kolum. Magtala sa ikatlong kolum ng mga hakbang upang ayusin ang mga pagkakatong may nasirang tiwala, samahan, o ugnayan sa pagitan mo at ng iyong magulang, kapatid, kaibigan, kaklase, o kapitbahay.

Sitwasyon kung saan may nasaktan akong kapuwa	Kapuwang nasaktan (Halimbawa: Magulang at iba pa)	Mga Hakbang upang aking ayusin ang mga ugnayan

Mga Kakailangang Kagamitan (websites, software, mga aklat, worksheet)

Mga Sanggunian:

Mga Aklat:

Agapay, R. (2001). *Ethics and the Filipino: A Manual on Morals for students and educators*. Mandaluyong City, Philippines: National Book Store.

Articulo, A. & Florendo G. (2003). *Values and Work Ethics*. Bulacan: Trinitas Publishing, Inc.

Babor, E. (1999). *Ethics: The Philosophical Discipline of Action*. Manila, Philippines: Rex Book store.

Blackburn, S. (2005). *Oxford Dictionary of Philosophy*. Oxford: Oxford University Press.

Carino, M. et al. (2008). *A Pocketful of Virtues*. Rizal: Glad Tidings Publishing, Inc.

Glenn, P. J. (1930). *Ethics: A Class Manual in Moral Philosophy*. London: B. Herder Book Co.

Law, S. (2007). *Eyewitness Companions Philosophy*. London: A Penguin Company.
Montemayor, F. (1994). *Ethics: The Philosophy of Life*. Mandaluyong City, Philippines: Rex Book Store.

Punsalan, T. et al. (2007). *Kaganapan sa Maylalang IV*. Quezon City: Rex Printing Company, Inc.

Reyes, R. (1989). Rev. Ed (2009). *Ground and Norm of Morality: Ethics for College Students*. Quezon City: ADMU Press.

Sambajon Jr., M (2011). *Ethics for Educators: A College Textbook for Teacher Education and Educators in All Areas of Discipline*. C & E Publishing, Inc.
Dyornal

Kaisipan (Ang Opisyal na Dyornal ng Isabuhay, Saliksikin, Ibigin ang Pilosopiya o ISIP) Vol. 1 No. 1 ISSN-2350-6601 pp. 18-27

Mula sa Internet

Babor, E. R. *Ethics Updated Edition The Philosophical Discipline of Action*. Retrieved 13 February 2014 from <http://books.google.com.ph/oks?id=qzETCc5fhkkC&pg=PA170&lpg=PA170&dq=modifiers+of+human+acts&source=bl&ots=Ayk6WY9Frw&sig=PChgiQHUUrdD35QdZpwD4m3PBdl&hl=en&sa=X&ei=fCj7Up7jJ-SdiAewyYDIaAg&ved=0CGEQ6AEwCA#v=onepage&q=modifiers%20of%20human%20acts&f=false>

Fernandez, KM. *Modifiers of Human Acts*. Retrieved 09 February 2014 from <http://www.slideshare.net/KlmnMoisesFernandez/modifiers-of-human-acts>

Glenn, P. J. *A Tour of the Summa*. Retrieved 09 February 2014 from <http://www.catholictheology.info/summa-theologica/summa-part2A.php?q=438>

Gilby OP, T. *St. Thomas Aquinas Summa Theologiae* Retrieved 13 February 2014 from http://books.google.com.ph/books?id=aHO__VcXhfYC&pg=PA5&lpg=PA5&dq=voluntariness+of+human+acts&source=bl&ots=ad8kfvAHb0&sig=i1U24oQbFifVmBEkld-dVjcyvU4&hl=en&sa=X&ei=MRb7UuTwA-e0iQfshoGQCQ&ved=0CEgQ6AEwBjgK#v=onepage&q=voluntariness%20of%20human%20acts&f=false

Panuncialman, R. *Modifiers of Human Acts*. Retrieved 13 February 2014 from <http://researchpaper-juniors.blogspot.com/2012/06/modifiers-of-human-acts.html>

Paulin OP, T. *The Human Acts Report in Moral Theology*. Retrieved 13 February 2014 from <http://prezi.com/5f6znb9qokst/the-human-acts/>

MODYUL 6: LAYUNIN, PARAAN, SIRKUMSTANSIYA, AT KAHIHINATNAN NG MAKATAONG KILOS



A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Kilos ko, pananagutan ko! Ito ang mga salitang nagsasabing bilang tao, nararapat na suriin nating mabuti ang bawat kilos na ginagawa natin. Pamilyar ka ba sa iyong mga isinasagawang kilos? Nakikita mo ba ang mabuti o masama sa mga ito?

Sa Modyul 5, nalaman mo na gamit ang katwiran, sinadya at niloob ng tao ang makataong kilos; kaya pananagutan niya anuman ang kalabasan nito, mabuti man o masama. Nakaaapekto rin ang kamangmangan, masidhing damdamin, takot, karahasan, at gawi sa kaniyang pananagutan dahil maaaring mawala ang pagkukusa ng kilos.

Layunin naman ng modyul na ito na higit na makapagsuri ka ng kabutihan o kasamaan ng iyong isinasagawang kilos at pasiya. Sa pamamagitan nito, matutulungan kang lubos na mapagnilayan kung paano ka nakapagsasagawa ng makataong kilos at mula rito ay masasagot mo ang Mahalagang Tanong na: **Bakit mahalagang maunawaan na ang layunin, paraan, sirkumstansiya, at kahihinatnan ng kilos ay nagtatakda ng pagkamabuti o pagkamasama ng kilos ng tao?**

Halika na! Simulan mong tuklasin ang kahalagahan ng iyong pagkilos bilang isang tao.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

- 6.1 Naipaliliwanag ang layunin, paraan, sirkumstansiya, at kahihinatnan ng makataong kilos
- 6.2 Nakapagsusuri ng kabutihan o kasamaan ng sariling pasiya o kilos sa isang sitwasyon batay sa layunin, paraan sirkumstansiya, at kahihinatnan nito
- 6.3 Napatutunayan ang Batayang Konsepto ng aralin
- 6.4 Nakapagtataya ng kabutihan o kasamaan ng pasiya o kilos sa isang sitwasyong may suliranin (dilemma) sa layunin, paraan (kilos) at sirkumstansiya nito

Naririto ang mga kraytirya ng pagtataya ng *output* sa kakayahang pampagkatuto 6.4:

1. Nasuri nang maaayos ang sitwasyong may suliranin (dilemma) batay sa layunin, paraan, at sirkumstansiya nito
2. Natukoy ang kabutihan o kasamaan ng pasiya o kilos
3. Nakapagbigay ng sariling sitwasyon mula sa karanasan na nabibigyan ng tamang pagtukoy sa layunin, paraan, at sirkumstansiya gayundin ang kabutihan o kasamaan nito



Paunang Pagtataya

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakatamang sagot. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Ito ang bunga ng ating isip at kagustuhan na nagsasabi ng ating katangian.
 - a. pasiya
 - b. kilos
 - c. kakayahan
 - d. damdamin
2. Bakit sinasabing ang moral na kilos ay ang makataong kilos ayon sa etika ni Sto. Tomas de Aquino?
 - a. Sapagkat nahuhusgahan nito ang tama at maling kilos.
 - b. Sapagkat nakapagpapasiya ito nang naaayon sa tamang katwiran.
 - c. Sapagkat malayang patungo ito sa layunin na pinag-isipan.
 - d. Sapagkat napatutunayan nito ang sariling kilos kung ito ay mabuti o masama.
3. Si Jimmy ay isang pulis. Kilala siyang matulungin sa kanilang lugar kaya't mahal na mahal siya ng kaniyang mga kapitbahay ngunit lingid sa kaalaman ng kaniyang mga tinutulungan, na ang itinutulong niya sa mga ito ay galing sa pangongotong na kinukuha niya sa kaniyang mga nahuhuling tsuper sa kalsada. Tama ba o Mali ang kilos ni Jimmy?
 - a. Tama, dahil marami naman siyang natutulungan na nangangailangan.
 - b. Mali, dahil hindi sa kaniya galing ang kaniyang itinutulong.
 - c. Tama, dahil mabuti naman ang kaniyang panlabas na kilos.
 - d. Mali, dahil kahit mabuti ang panlabas na kilos, nababalewala pa rin ang panloob na kilos.
4. Kung ang papel na ginagampanan ng isip ay humusga at mag-utos, ano naman ang papel ng kilos-loob?
 - a. Umunawa at magsuri ng impormasyon.
 - b. Tumungo sa layunin o intensiyon ng isip.
 - c. Tumulong sa kilos ng isang tao.
 - d. Gumabay sa pagsasagawa ng kilos.

5. Alin sa sumusunod ang hindi kahulugan ng sirkumstansiya?
 - a. Ito ay tumutukoy sa isang kondisyon o kalagayan kung saan ang kilos na ginawa ay nakaaapekto sa kabutihan.
 - b. Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos na nakabatay kung saan nakatuon ang kilos-loob.
 - c. Ito ay nakapagbabawas o nakapagdaragdag sa kabutihan o kasamaan ng isang kilos.
 - d. Ito ay nakapagpapabago sa halaga ng isang kilos.

6. Alin sa sumusunod ang hindi kahulugan ng Layunin?
 - a. Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos.
 - b. Ito ang pinakatunguhin ng kilos.
 - c. Ito ay nakapagbabawas o nakapagdaragdag ng kabutihan o kasamaan ng kilos.
 - d. Ito ay nakabatay kung saan nakatuon ang kilos-loob.

7. Isang araw habang wala sa bahay ang mga magulang ni Bren ay pumasok siya sa kanilang silid at kumuha ng 500 piso sa loob ng kabinet kung saan nakatago ang pera nila. Ang pagkuha ni Bren ng pera ay masama. Nadaragdagan ng panibagong kasamaan ang kaniyang ginawa dahil _____.
 - a. kinuha niya ito nang walang paalam
 - b. kinuha niya ito nang wala ang kaniyang mga magulang
 - c. ang kinuhanan niya ng pera ay ang kaniyang mga magulang
 - d. ang pagkuha niya ng pera ay hindi nagpakita ng pagrespeto

8. May babae na nagustuhan at minahal si Alex ngunit ang babaeng ito ay mayroon ng asawa. Ngunit sa kabila nito, ipinagpatuloy pa rin niya ang kaniyang pagmamahal sa babae hanggang sa magkaroon sila ng relasyon. Ano kayang prinsipyo ang sumasakop sa sirkumstansiya ng kilos ang makikita sa sitwasyon?
 - a. Ang sirkumstansiya ay maaaring makalikha ng kakaibang kilos ng mabuti o masama.
 - b. Ang sirkumstansiya ay hindi maaaring gawing mabuti ang masama.
 - c. Ang sirkumstansiya ay maaaring gawin ang mabuting kilos na masama.
 - d. Ang sirkumstansiya ay maaaring lumikha ng mabuti o masamang kilos.

9. Kaarawan ni Mang Robert, nagpunta ang kaniyang mga kaibigan at sila ay nagsaya. Humiram sila ng *videoke* at sila ay nagkantahan hanggang umabot sila ng madaling-araw. Naiinis na ang kaniyang mga kapit-bahay dahil sa ingay na dulot nito. Ano kayang prinsipyo ang sumasakop sa sirkumstansiya ng kilos ang makikita rito?
 - a. Ang sirkumstansiya ay maaaring gawin ang mabuting kilos na masama.
 - b. Ang sirkumstansiya ay maaaring makalikha ng kakaibang kilos ng mabuti o masama.
 - c. Ang sirkumstansiya ay maaaring gawing mabuti ang masama.
 - d. Ang sirkumstansiya ay lumikha ng mabuti o masamang kilos.

10. Naging pangulo ng kanilang pangkat si Julianna. Simula sa araw nang siya ay manalo, ginampanan niya nang lubos ang kaniyang tungkulin at responsibilidad. Ano kayang prinsipyong sumasakop sa sirkumstansiya ng kilos ang makikita rito?
- Ang sirkumstansiya maaaring lumikha ng mabuti o masamang kilos.
 - Ang sirkumstansiya ay maaaring magdulot ng bagong kabutihan sa masamang kilos at bagong masamang hangarin sa masamang kilos.
 - Ang sirkumstansiya ay maaaring makalikha ng mabuti o masama.
 - Ang sirkumstansiya ay hindi maaaring gawing mabuti ang masama.
11. Ang sumusunod na pangungusap ay nagsasaad ng kahulugan ng kahihinatnan ng kilos *maliban* sa _____.
- Ang lahat ng ginagawang kilos ng tao ay may dahilan, batayan, at kaakibat na pananagutan.
 - Ang kilos ay dapat makita sa layunin ng taong nagsasagawa nito.
 - Ang bawat kilos ay dapat pag-isipan bago ito isagawa.
 - Ang kilos ay kailangan ng sapat na pagpapalano upang makita ang mga bagay na dapat isaalang-alang.
12. Si Gene ay isang espesyalistang doktor sa puso. Siya ay maingat sa pagbibigay kung anong gamot ang nararapat sa pasyente dahil alam niya bilang doktor na hindi lahat ng gamot na kaniyang ibinibigay ay may magandang idudulot sa mga pasyenteng iinom nito. Alin sa mga Salik na Nag-uugnay sa makataong kilos ang ipinakita ni Gene?
- Layunin
 - Kilos
 - Sirkumstansiya
 - Kahihinatnan
13. Ito ay tinatawag na panlabas na kilos na kasangkapan o paraan upang makamit ang layunin.
- Layunin
 - Kilos
 - Sirkumstansiya
 - Kahihinatnan
14. Mayroon kang mahabang pagsusulit ngunit hindi ka nakapag-aral dahil ginabi ka nang umuwi galing sa kaarawan ng iyong kaibigan. Nakikita mo ang sagot mula sa iyong katabi. Tama ba o mali na kopyahin mo ito?
- Tama, dahil hindi ko naman hiningi ang sagot, kusa ko naman itong nakita.
 - Mali, dahil hindi ko dapat kopyahin nang walang paalam sa kaniya.
 - Tama, dahil ang aking layunin ay makapasa sa pagsusulit.
 - Mali, dahil kung ano lamang ang nalalaman ko ang dapat kong isulat na sagot sa pagsusulit.

15. Bakit hindi maaaring paghiwalayain ang panloob at panlabas na kilos?
- Dahil kung masama ang panloob, magiging masama rin ang buong kilos, kahit mabuti ang panlabas.
 - Dahil kung ano ang kilos ng panlabas ay nagmumula sa panloob na kilos.
 - Dahil hindi magiging maganda ang kalalabasan ng lahat ng kilos.
 - Dahil maaaring madaig ng panlabas na kilos ang panloob na kilos.




B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

Panuto:

Basahin ang bawat sitwasyon. Tukuyin ang layunin, paraan, at sirkumstansiya sa bawat ipinakitang kilos. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

1.
 May markahang pagsusulit si Erick. Siya ay pumasok sa kaniyang silid at nagbasa ng kaniyang mga napag-aralan.
 

Layunin _____

Paraan _____

Sirkumstansiya _____

2.
 Magaling sa asignaturang Matematika si Glenda. Siya ang panlaban ng paaralan sa mga kompetisyon at palagi siyang nananalo. Siya ay nagtuturo sa kapuwa niya kamag-aral na mahina sa asignaturang Matematika tuwing hapon bago siya umuwi.

Layunin _____

Paraan _____

Sirkumstansiya _____

3. Si Jomar ay malungkot dahil naiwan siyang mag-isa sa kanilang bahay. Tinawagan siya ng kaniyang barkada at niyayang mag-inuman sila ng alak sa bahay ng isa pa nilang barkada. Dahil nag-iisa si Jomar at nalulungkot, siya ay nakipa



Layunin _____

Paraan _____

Sirkumstansiya _____

4. Matagal nang nais ni Kim na magkaroon ng *cellphone*. Isang araw, habang mag-isa lamang siya sa kanilang silid-aralan ay nakita niyang naiwan ng kaniyang kamag-aral ang *cellphone* nito. Kinuha ito ni Kim at itinago.



Layunin _____

Paraan _____

Sirkumstansiya _____

Mga Tanong:

1. Ano-ano ang layunin, paraan, at sirkumstansiya sa bawat sitwasyon?
2. May pagkakaiba ba ang kilos sa sitwasyon bilang 1 at 2 sa sitwasyon bilang 3 at 4? Ipaliwanag.
3. Kung ikaw ang tatanungin, ano ang mas tamang kilos, sitwasyon 1 at 2 o sitwasyon 3 at 4? Patunayan.

Gawain 2

Panuto:

1. Tingnan ang Gawain 1. Isulat ang iyong mga konsepto tungkol sa kahulugan ng layunin, paraan, at sirkumstansiya ng makataong kilos. Isulat ito sa iyong kuwaderno.
2. Matapos mong maisulat ang mga konsepto ay bumuo ng tatlong pangkat.
3. Ibahagi ang sagot sa bawat isa at mula sa mga sagot ay bumuo kayo ng inyong malaking konsepto mula sa kahulugan ng layunin, paraan, at sirkumstansiya ng makataong kilos.

4. Maging malikhain sa gagawing presentasyon.
5. Mga Tanong:
 - a. Ano ang iyong natuklasan sa kahulugan ng layunin, paraan, at sirkumstansiya ng makataong kilos?
 - b. Bakit mahalaga na malaman ito ng tao?
 - c. Paano ito nakatutulong sa tao sa kaniyang pagpili ng isasagawang kilos at pasiya?



C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

Gawain 3

Panuto:

Suriin ang bawat sitwasyon sa ibaba at tingnan kung mabuti o masama ang ginawang pasiya o kilos ng tauhan. Lagyan ng tsek ang kolum ng mabuting kilos kung ikaw ay naniniwala na ito ay mabuti at lagyan ng ekis ang kolum ng masamang kilos kung naniniwala kang ito ay masama. Isulat sa susunod na kolum ang iyong paliwanag sa iyong napili. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

Mga Sitwasyon	Mabuting Kilos	Masamang Kilos	Paliwanag
1. Nanalo si Mang Philip bilang <i>baranggay captain</i> sa kanilang lugar. Wala siyang inaksayang oras upang ibigay ang sarili sa kaniyang paglilingkod nang buong katapatan.			
2. Nais ni Jaymee na matulungan ang kaniyang kamag-aral na pumasa kaya't pinakopya niya ito sa kanilang pagsusulit.			
3. Habang nasa loob ng simbahan si Pol at Andrew ay pinag-uusapan nila ang kanilang kamag-aral na di umano'y nakikipagrelasyon sa kanilang guro.			
4. Si Mang Gerry ay matulungin sa kaniyang mga kapitbahay. Ngunit lingid sa kaalaman ng kaniyang mga tinutulungan, na ang perang ibinibigay niya sa mga ito ay galing sa pagbebenta niya ng ipinagbabawal na gamot.			


Mga Tanong:

- Sino-sino sa tauhan ang nagpakita ng mabuting kilos? Sino-sino ang hindi?
- Ano ang masasabi mo sa bawat tauhan? Pangatwiran.
- Paano mo nahusgahan kung mabuti o masama ang pasiya at kilos na ginawa ng mga tauhan sa bawat sitwasyon?


Gawain 4

Panuto:

- Mag-isip ng isang sitwasyon sa iyong buhay na kung saan nagpapakita ng iyong kilos. Isulat ito sa loob ng kahon. Gawin ito sa iyong kuwaderno.
- Tukuyin mo ang layunin, paraan, at sirkumstansiya ng iyong pasiya o kilos sa sitwasyon.


 <p>Sitwasyon na nagsagawa ng pasiya at kilos</p>
--

Layunin



--

Paraan (kilos)



--

Sirkumstansiya



--

Mga Tanong:

- Ano ang masasabi mo sa iyong kilos, mabuti ba o masama? Patunayan.
- Ano ang iyong reyalisasyon matapos mong gawin ang gawain? Naging masaya ka ba o hindi? Ipaliwanag.
- Paano nakatutulong sa iyo ang pagsusuri ng kilos bago ito isagawa?

<p>Upang higit na mapalalim ang iyong kaalaman sa kahalagahan ng layunin, paraan, o sirkumstansiya ng makataong kilos pagnilayan ang babasahin. Tayo na! Sasamahan kita upang maunawaan ang babasahin.</p>
--



D. PAGPAPALALIM

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sanaysay.

Layunin, Paraan, Sirkumstansiya, at Kahihinatnan ng Makataong Kilos

“Kilos ay suriin, mabuti lagi ang piliin.” Kung ikaw ang tatanungin, ano ang pakahulugan mo sa mga salitang ito? Marami kang pinagkakaabalahan araw-araw mula sa gawaing bahay, sa pagpasok sa paaralan, sa pakikisalamuha sa iyong mga kaibigan, ay nagsasagawa ka ng maraming kilos. Nasusuri mo ba ang lahat ng ito? Napipili mo ba ang mabuti? Tumutugma ba ang paraan ng pagsasagawa mo ng kilos sa iyong mga layunin? Iyan ay ilan lamang sa mga tanong na magpapaalala sa iyo ng iyong dapat gawin bilang tao.

Ang *makataong kilos* ay bunga ng ating isip at kagustuhan na nagsasabi ng ating katangian. Kung ano tayo at kung ano ang kalabasan ng ating kilos ay batay sa ating pagpapasiya.

Sa Modyul 5, natutuhan mong pananagutan ng tao ang anumang kahihinatnan ng kaniyang kilos, mabuti man o masama. Mahalagang mapagnilayan niya ang bawat kilos na kaniyang isasagawa dahil hindi magiging ganap ang pagiging tao niya kung hindi siya kumikilos ayon sa kabutihan. Pero teka muna, naaalala mo pa ba ang ibig sabihin ng *kilos*?

Hindi lahat ng kilos ng tao ay maituturing na makatao. Ang *makataong kilos* ay bunga ng ating isip at kagustuhan na nasasalamin ang ating pagkatao. Kung ano tayo at kung ano ang kalabasan ng ating kilos ay batay sa ating pagpapasiya. Nangangahulugan ito na hindi lahat ng ating isinasagawang kilos ay mabuti.

Sa etika ni Sto. Tomas de Aquino, ang moral na kilos ay ang makataong kilos sapagkat malayang patungo ito sa layunin na pinag-isipan. Ang papel na ginagampanan ng isip ay humusga at mag-utos. Ang papel naman ng kilos-loob ay tumutungo sa layunin o intensiyon ng isip. Ang panloob na kilos ay nagmumula sa isip at kilos-loob. Samantalang ang panlabas na kilos ay ang pamamaraan na ginagamit upang isakatuparan ang panloob na kilos. Hindi maaaring maging hiwalay ang dalawang ito

Sa bawat *makataong kilos*, ang kilos-loob ang tumutungo sa isang layunin. Hindi makapaghahangad ng anuman ang isang tao kung wala itong pinakahuling layunin at ito ay ang makapiling ang Diyos sa kabilang buhay.

sapagkat kung masama ang panloob, magiging masama rin ang buong kilos, kahit mabuti ang panlabas. Halimbawa nito si Robin Hood? Siya ay kilala sa kaniyang pagiging matulungin lalo na sa mga mahihirap. Ngunit saan ba niya kinukuha ang kaniyang ibinigay na tulong sa kanila? Hindi ba sa pagnanakaw? Masasabi mo ba na tama ang kaniyang kilos? Ikaw ba ay sumasang-ayon dito? Kung ating titingnan, mabuti ang kaniyang panloob na kilos ngunit masama naman ang kaniyang panlabas na kilos. Kailangang parehong mabuti ang panloob at panlabas na kilos dahil nababalewala ang isa kung hindi kasama ang isa. Ayon pa rin kay Sto. Tomas de Aquino, sa bawat makataong kilos, ang kilos-loob ang tumutungo sa isang layunin. Hindi makapaghahangad ng anuman ang isang tao kung wala itong pinakahuling layunin at ito ay ang makapiling ang Diyos sa kabilang buhay. Napakaganda, hindi ba? Kaya't marahil ay nararapat lamang na mapagnilayan ng tao ang bawat layunin ng kaniyang isinasagawang kilos. Mahalaga ito upang lubos na malaman kung paano nagiging mabuti o masama ang isang kilos.

May mga salik na nakaaapekto sa resulta ng kilos, kung ito ay maituturing na mabuti o masama. Ang mga ito ang batayan sa paghuhusga kung ang kilos ay moral o hindi.


Una, Layunin. Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos kung saan nakatuon ang kilos-loob. Ito rin ay tumutukoy sa taong gumagawa ng kilos (*doer*); hindi ito nakikita o nalalaman ng ibang tao dahil ito ay personal sa taong gumagawa ng kilos. Ito ang pinakalayunin o pinatutunguhan ng kilos. Ayon kay Sto. Tomas de Aquino, ang mismong kilos ay hindi maaaring husgahan kung mabuti o masama kung hindi nito isasaalang-alang ang layunin ng taong gumagawa nito. Mahalagang tingnan ang kabuuang kilos na kasama ang layunin ng tao na nagsasagawa nito. Ang pamantayan sa kabutihan ng layunin ay kung iginagalang ng taong nagsasakilos ang dignidad ng kaniyang kapuwa. Halimbawa, binigyan ni Tanya ng pagkain ang kaniyang kamag-aral na walang baon. Ginawa niya ito dahil nais niyang kumopya sa kaniyang kaklase sa pagsusulit sa Matematika. Mabuti ba ang layunin ng kilos? May paggalang ba ito sa dignidad ng kamag-aral?

Dito ipinapakita na mabuti ang pagbibigay ng pagkain sa kamag-aral na walang baon ngunit ang layunin ay masama. Dito ay mahuhusgahan na ang kilos ay masama sapagkat masama ang kaniyang layunin.

Naharap ka na ba sa sitwasyon kung saan ang layunin ng kilos ay hindi mabuti?

Ikalawa, Paraan. Ito ay ang panlabas na kilos na kasangkapan o paraan upang makamit ang layunin. Ayon kay Sto. Tomas de Aquino, may nararapat na obheto ang kilos. Halimbawa, sa kilos na kumain, ang obheto ay makakain. Ngunit kung kakain ka ng bato, ito ay masama dahil hindi kinakain ang bato. Ang kilos ng uminom ay may obheto na makainom. Ngunit kung iinom ka ng *muriatic acid* ito ay masama dahil nakamamatay ito. Samakatuwid, ang paraan ng kilos ay ang *nararapat* na kilos dahil ang kabutihan ng panlabas na kilos ay ang nararapat na obheto nito.

Ang bawat kilos ay may layunin. Ngunit paano mo ba nahuhusgahan kung ang layunin mo ay mabuti o masama? Halimbawa, sa pagsusulit, ano ba ang layunin nito? Paano kung ang isang mag-aaral ay mangopya ng sagot mula sa iba dahil hindi siya nakapag-aral ng leksiyon? Tingnan ang larawan sa ibaba.


Pangongopya	
	
Ano ang layunin ng kilos?	Makasagot sa pagsusulit.
Ano ang nararapat na obheto?	Ang pagsulat ng nalalaman mo, hindi ang nalalaman ng iba.
Tanong: Ang kilos ba na ginawa ay sang-ayon sa obheto?	

Mabuti ang kaniyang layunin na makapasa ngunit mali ang kaniyang pamamaraan o kilos na ginamit sa sitwasyon.

Ikaw, naranasan mo na rin ba ang mangopya? Paano mo hinusgahan ang iyong kilos na ito?

Ikatlo, Sirkumstansiya. Ito ay tumutukoy sa isang kondisyon o kalagayan ng kilos na nakababawas o nakadaragdag sa kabutihan o kasamaan ng isang kilos. Narito ang iba't ibang sirkumstansiya:

1. *Sino.* Ito ang tumutukoy sa tao na nagsasagawa ng kilos o sa taong maaaring maapektuhan ng kilos. Halimbawa, si Arnold ay pumunta sa bahay ng kaniyang Lola Ester. Nakita niya kung saan itinatago ng kaniyang lola ang pera nito. Isang araw ay pumunta siya sa bahay nito at kinuha niya ang pera sa lagayan. Masama ba ang ginawang kilos ni Arnold? Bakit? Ang pagkuha ni Arnold ng pera ay masama dahil pagnanakaw ito. Nadaragdagan ito ng panibagong kasamaan dahil ang pinagnakawan niya ay ang mismo niyang lola.



Ikaw, ano ang masasabi mo ukol dito?

2. *Ano.* Ito ang tumutukoy sa mismong kilos, gaano ito kalaki o kabigat. Halimbawa, gamit pa rin ang halimbawa sa bilang isa, ang kaniyang Lola Ester ay naubusan ng gamot para sa sakit nito. Kinailangan nito ng pera upang makabili ng gamot ngunit nawala sa lagayan ang pera nito.

Kung ikaw ang tatanungin, nadagdagan ba o nabawasan ang masamang kilos ni Arnold?

Ang uri ng kilos ni Arnold ay nagpakita ng mas masamang kilos dahil nahirapan sa paghinga ang kaniyang lola hanggang madala ito sa ospital.

3. *Saan.* Ito ang tumutukoy sa lugar kung saan ginagawa ang kilos. Halimbawa, nagtawanan nang malakas ang ilang kabataan dahil pinag-uuspan nila ang isang kamag-aral na biglang naghirap dahil nalulong sa sugal ang ama nito. Ginawa nila ito sa sambahan.

Sa iyong palagay, nararapat ba na gawin nila ito sa kanilang kamag-aral? Bakit?

Ang paninirang puri sa kanilang kamag-aral ay masamang kilos at hindi makatarungan sapagkat hindi alam ng tao na siya ay pinag-uusapan at wala man lang siyang magawa upang ipagtanggol ang kaniyang sarili. Isa pa, nadaragdagan ang masamang kilos dahil sa lugar kung saan isinagawa ito.

4. *Paano*. Ito ay tumutukoy sa paraan kung paano isinagawa ang kilos. Halimbawa, matalinong mag-aaral si Nestor. Pinaghandaan niya nang mabuti ang kanilang pagsusulit upang siya ay mapasama muli sa *Top Ten* sa kanilang seksiyon. Ngunit habang sumasagot siya sa pagsusulit, mayroon siyang hindi maalala na sagot sa tanong. Nanghihinayang si Nestor na hindi ito masagutan dahil alam niyang pinag-aralan niya ito, iyon nga lamang ay nakalimutan niya. Napatingin siya sa papel ng kaniyang katabi at nakita niya ang sagot, kaya't kinopya niya ito.

Mabuti ba o masama ang ginawa ni Nestor? Bakit?

Maaaring makabawas o makaragdag ng kasamaan o kabutihan ang sirkumstansiya. Sa kaso ni Nestor, nababawasan ang kasamaan ng kaniyang kilos dahil hindi ito pinagplanuhan o pinaghandaang gawin. Kaya, lumiliit ang bigat ng parusa rito.

5. *Kailan*. Ito ay tumutukoy kung kailan isasagawa ang kilos. Halimbawa, nasunugan ang isang pamilya sa lugar nila Chris. Sa halip na tulungan niya ang mga ito, sinamantala niya ang pagkakataon upang makapagnakaw sa pamilya.

Ano ang masasabi mo sa kilos ni Chris?

Dito ay mas lalong nadaragdagan ang kasamaan ng kaniyang kilos dahil sa sitwasyon ng pamilyang nasunugan.

Ang mga nakapagpapalala o nakapagpapabawas ng kabutihan o kasamaan ng isang kilos ay tinatawag na sirkumstansiya. Maaaring ang mabuti ay mas maging mabuti at ang masama ay mas maging masama.

Tunay ngang makikita na ang kilos ay nagiging mas mabuti o mas masama ayon sa sirkumstansiya. Ang mga nakapagpapalala o nakapagpapabawas ng kabutihan o kasamaan ng isang kilos ay tinatawag na sirkumstansiya. Maaaring ang mabuti ay mas maging mabuti at ang masama ay mas maging masama. Mayroon din namang pagkakataon na kung saan nakapagdaragdag ng panibagong kabutihan o panibagong kasamaan sa kilos na ginagawa.

Ikaapat, Kahihinatnan. Ang lahat ng ginagawang kilos ng tao ay may dahilan, batayan, at may kaakibat na pananagutan. Anuman ang gawing kilos ay may kahihinatnan. Mahalaga na masusing pag-isipan at pagplanuhang mabuti ang anumang isasagawang kilos dahil mayroon itong katumbas na pananagutan na dapat isaalang-alang. Kung minsan, nagkakaroon ng suliranin sa pagpapasiya dahil sa

kawalan ng kaalaman kung ang pinili niyang kilos ay mabuti o masama. Kung minsan, dahil sa bilis ng takbo ng isip ng tao ay nakapag-iisip at nakagagawa siya ng kilos na hindi tinitingnan ang kahihinatnan nito. Ngunit sa ikaapat na salik, sinasabi na ang bawat tao ay kailangang maging mapanagutan sa anumang kilos na kaniyang pipiliin. Kailangang mapag-isipang mabuti at makita kung ano ang magiging resulta ng anumang kilos na gagawin. Halimbawa: Si Leo ay isang doktor, matagal siyang nag-aral sa larangan ng panggagamot. Alam niya kung makasasama o makabubuti sa isang pasyente ang kaniyang ireresetang gamot. Kung itinuloy pa rin niya ang pagrereseta sa pasyente ng gamot kahit makasasama ito sa huli, mayroon siyang pananagutan sa anumang kahihinatnan nito.

Kung kaya't sa pagsasagawa ng kilos gaano man ito kalaki o kaliit, kailangang pag-isipan itong mabuti at tingnan ang maaaring maidulot nito. Hindi lamang kailangang tingnan ang sarili kundi pati ang kabutihang panlahat.

Ngayon ay inaanyayahan kita na magnilay. Balikan mo ang iyong mga isinagawang kilos nitong mga nakaraang araw. Nakikita mo ba ang iyong pananagutan sa kahihinatnan ng mga ito?

Ngayon, lalong lumilinaw na upang maging mabuti ang kilos, nararapat itong nakabatay sa dikta ng konsensiya batay sa likas na Batas Moral. Ang bawat kilos na iyong gagawin ay kailangang nakatuon sa pinakahuling layunin at ito ay ang makapiling ang Diyos sa kabilang buhay.

May mga tanong ka ba sa puntong ito? Ano-ano ang iyong mga realisasyon sa iyong mga isinasagawang kilos araw-araw?

Ang mabuting kilos ay dapat palaging mabuti hindi lamang sa kalikasan nito kundi sa motibo at sirkumstansiya kung paano mo ito ginagawa. Kaya't mula sa layunin, paraan, at sirkumstansiya ng kilos ay madaling makikita o masusuri ang kabutihan o kasamaan nito.

Kung gayon, inaanyayahan kitang pagnilayang mabuti ang iyong mga kilos. Ang kilos mo ba ay palaging kalugod-lugod sa paningin ng Diyos? Nagpapakita ba ito ng makataong gawain? Sana ay naging malinaw sa iyo na kailangan mong hubugin ang iyong sarili upang maging isang mabuting tao, na may kamalayan sa bawat kilos dahil ito ang iyong magiging gabay tungo sa iyong pagpapakatao.

Tayahin ang Iyong Pag-unawa

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan, sagutin mo sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Ano ang kahulugan ng kilos? Ipaliwanag.
2. Ano-ano ang salik na nag-uugnay sa makataong kilos? Ipaliwanag ang bawat isa.
3. Bakit hindi maaaring ihiwalay ang panloob na kilos sa panlabas na kilos? Ipaliwanag.
4. Ibigay ang iba't ibang uri ng sirkumstansiya at magbigay ng halimbawa sa bawat isa.
5. Paano nahuhusgahan kung ang layunin ng kilos ay mabuti o masama? Magbigay ng halimbawa.
6. Sa iyong palagay, upang ang kilos ay maging mabuti, saan ba ito dapat nakabatay? Ipaliwanag.

Paghinuha sa Batayang Konsepto

Matapos mong basahin at gawin ang mga natapos na gawain sa modyul na ito, isulat sa iyong kuwaderno ang lahat ng mga konsepto na iyong natutuhan. Pagkatapos, pumunta ka sa iyong pangkat at bumuo ng malaking konsepto gamit ang *graphic organizer* mula sa maliliit na konsepto na inyong naisulat. Gawin ito sa malikhaing presentasyon.

Mga konseptong natutuhan ko:

Pag-uugnay ng batayang konsepto sa pag-unlad ko bilang tao

1. Ano ang kabuluhan ng batayang konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?



E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Ngayon malinaw na sa iyo na ang layunin, paraan, sirkumstansiya at kahihinatnan ng kilos ay nakapagtatakda ng kabutihan o kasamaan ng kilos ng tao. Ito ay isang hamon para sa iyo kung paano mo pag-iisipang mabuti ang pipiliin mong kilos sa araw-araw simula sa iyong paggising hanggang sa iyong pagtulog.

Pagganap

Gawain 5

Panuto: Punan ang *matrix* ayon sa hinihingi sa bawat kolum. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Mga Sitwasyon	Pagsusuri ng kabutihan o kasamaan ng kilos batay sa layunin, paraan, sirkumstansiya, at kahihinatnan nito	Pagtataya ng kabutihan o kasamaan ng kilos batay sa layunin, paraan, sirkumstansiya, at kalalabasan nito	Paliwanag
Halimbawa: Nagkasayahan kayo bilang selebrasyon sa kaarawan ng isang kaibigan mo, kaya inabot kayo ng gabi sa inyong bahay. Hindi pa rin kayo tumigil sa kanilang pagkanta gamit ang <i>videoke</i> kahit natutulog na ang inyong mga kapit-bahay.	Layunin: Magkasiyahan dahil sa pagdiriwang ng kaarawan ng kaibigan. Paraan: Paggamit ng <i>videoke</i> para magkantahan Sirkumstansiya: Paggamit ng <i>videoke</i> sa hating-gabi Kahihinatnan: Nakaabala ito sa mga tao na natutulog	Layunin: Ang pagkakaroon ng kasiyahan ay bahagi ng isang pagdiriwang. Paraan: Hindi masama na gumamit ng <i>videoke</i> upang magkantahan ngunit dapat na bigyan ito ng limitasyon. Sirkumstansiya: Ang paggamit ng <i>videoke</i> sa hating-gabi ay hindi mabuting kilos. Kahihinatnan: Ang pagkaabala ng mga kapitbahay ay hindi mabuting resulta ng kantahan.	Ang pagkakaroon ng kasiyahan sa isang kaarawan ay hindi masama ngunit dapat makita ang mga limitasyon ng kilos upang hindi makapinsala sa ibang tao na maging dahilan upang makaabala o makagalit sa kanila.
1. Niyaya ka ng iyong kamag-aral na huwag pumasok sa klase at pumunta sa <i>computer shop</i> upang maglaro rito.			
2. Nangungulit ang iyong katabi na pakopyahin mo siya sa pagsusulit dahil maaari siyang bumagsak.			
3. Nakita mo na nalaglag ang pitaka sa isang babae sa loob ng simbahan.			

Pagninilay

Gawain 6

Ngayon ay inaanyayahan kitang magnilay. Balikan mo ang iyong mga isinasagawang kilos noong nakaraang linggo. Batay sa iyong mga natutuhan sa modyul na ito, tukuyin mo ang iyong mga naging reyalisasyon.

Ang mga bago kong natutuhan sa aralin.	Ang napulot kong aral mula sa aking mga isinasagawang kilos. Ang aking mga realisasyon.
--	--

Ngayon ay alam ko nang handang-handa ka na sa pagsasabuhay ng iyong mga natutuhan. Ang kailangan mo lamang ay ang maingat na pagsusuri sa kabutihan o kasamaan ng iyong isinasagawang mga kilos upang makita mo ang kabutihan o kasamaan na dulot ng mga ito.

Pagsasabuhay

Gawain 7

Panuto:

Mag-isip ng isang sitwasyon mula sa iyong karanasan na may suliranin (dilemma). Tayahin ang kabutihan o kasamaan nito batay sa layunin, paraan, sirkumstansiya at kahihinatnan nito. Ipakita at ipabasa ito sa iyong magulang. Anyayahan sila na magbigay ng komento o payo sa iyong ginawa. Palagyan ito sa kanila ng lagda bilang katibayan na kanilang nabasa ang iyong ginawa.

Suliranin	Layunin	Paraan	Sirkumstansiya	Kahihinatnan Paghuhusga: Mabuti o masama ang kilos? Bakit?	Komento, payo, at lagda ng magulang

Maligayang bati! Ako ay lubos na humahanga at natutuwa sa iyong dedikasyon at pagtitiyaga na matapos ang modyul na ito. Inaasahan kong patuloy kang magpapakita ng mabuting interes sa mga susunod pang aralin dahil ito ay lubos na makatutulong sa iyo sa patungo sa landas ng pagiging mabuting tao.

Mga Kakailangang Kagamitan (website, software, mga aklat, worksheet)

Mga Sanggunian:

Agapay, Ramon B. (2007) *Ethics and the Filipino: A Manual on Morals for Students and Educators*. Mandaluyong City: National Bookstore Inc.

Montemayor, Felix M. (1994) *Ethics the Philosophy of Life*. Mandaluyong City: National Bookstore

Nery-Nabor, Maria Imelda P. (2010). *Christian Morality and Ethics*. Mandaluyong City: National Book Store

Reyes, Ramon C. (2009). *Ground and Norm of Morality: Ethics for College Students*. Quezon City: ADMU Press.

Simbajon Jr., Marvin Julian L. (2011). *Ethics for Educators: A College Textbook for Teacher Education and Educators in All Areas of Discipline*. Quezon City: C&E Publishing, Inc.

Mga Saliksik sa Internet:

Ming, J. (1907). *Human Acts*. In *The Catholic Encyclopedia*. New York: Robert Appleton Company. Retrieved February 26, 2014 from New Advent: <http://www.newadvent.org/cathen/01115a.htm>

_____. *Whether Human Acts are Specified by Their End?* Retrieved from http://biblehub.com/library/aquinas/summa_theologica/whether_human_acts_are_specified.htm on February 25, 2014.

_____. *The Morality of Human Acts*. Retrieved from http://www.vatican.va/arcive/ccc_css/archieve/catechism/p3s1c1a4 on February 24, 2014

_____. *Human Acts*. Retrieved from <https://www.catholicculture.org/culture/library/dictionary/index.cfm?id=34013> on February 26, 2014

MODYUL 7: ANG KABUTIHAN O KASAMAAN NG KILOS AYON SA PANININDIGAN, GINTONG ARAL, AT PAGPAPAHALAGA



A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAPAMALAS MO?

Sa unang modyul, hinamon ka na sagutin ang tanong na, “Sa bawat kilos ko, anong uri ng tao ang binubuo ko sa aking sarili?” Ito ay isang paraan ng paghikayat sa iyo na balikan at pagnilayan mo ang iyong mga isinasagawang kilos. Mulat ka ba sa mga *gawi* mo bilang tao? Paano mo nalalaman kung mabuti o masama ang mga ito? Bilang *persona* na nasa proseso ng pagpupunyagi tungo sa pagiging *personalidad*, paano ka makatitiyak na mabuti ang bawat gawi at kilos mo?

Naunawaan mo sa Modyul 6 na ang layunin, paraan, sirkumstansiya, at kahihinatnan o bunga ng kilos ay nagtatakda ng pagkamabuti o pagkamasama ng kilos. Ipinaliwanag sa iyo ang kahalagahan ng pagsusuri ng *layunin*, *paraan*, o *sirkumstansiya* ng *pagsagawa* ng bawat kilos dahil dito masusukat kung naaayon ang mga ito sa kabutihan o hindi. Nalaman mo na ang *mabuting kilos* ay mahalaga sa pagkamit ng iyong kaganapan bilang tao. Ngunit naitanong mo na ba kung sapat na ba ang pagsusuri sa layunin, paraan, sirkumstansiya, at kahihinatnan ng isang kilos upang mahusgahan ang kabutihan at kasamaan nito? Kung hindi sapat na batayan ang mga ito sa paghusga ng kabutihan o kasamaan ng isang kilos, mayroon bang mas malinaw at matatag na pamantayan upang tayahin ang kilos ng tao?

Sa pamamagitan ng modyul na ito, matutulungan kang lubos na mapagnilayan ang iyong mga kilos at mula rito ay masasagot mo ang mahalagang tanong na: **Ano-anong turo o pananaw ang maaaring gamiting batayan sa paghusga ng kabutihan o kasamaan ng kilos?**

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

- 7.1 Natutukoy ang batayan ng paghusga sa kabutihan o kasamaan ng kilos ayon sa paninindigan, gintong aral, at mataas na pagpapahalaga
- 7.2 Nakapagsusuri kung paano paiiralin ang mas mataas na pagpapahalaga sa isang sitwasyon na may *conflict*
- 7.3 Naipapaliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin

7.4 Naitatama ang isang maling kilos sa pamamagitan ng paggawa ng mga tiyak na hakbang gamit ang paninindigan, gintong aral, at mas mataas na pagpapahalaga

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng *output* sa Kasanayang Pampagkatuto 7.4:

- a. Nakilala ang mabuti at masamang kilos ayon sa paninindigan, gintong aral, at mataas na pagpapahalaga
- b. Nakagawa ng isang “*pocket reminder*” na naglalahad ng mga paraan kung paano makabubuo ng mabuting paninindigan at makapipili ng mas mataas ng pagpapahalaga sa bawat kilos
- c. Naipakita ang pagkamalikhain sa paggawa ng “*pocket reminder*”
- d. May kalakip na pagninilay



Paunang Pagtataya

Panuto: Basahin mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Piliin ang letra ng pinakaangkop na sagot at isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Alin ang mas matatag na batayan ng pagiging mabuti o masama ng isang kilos ayon sa pananaw ni Immanuel Kant?
 - a. ang mabuting bunga ng kilos
 - b. ang layunin ng isang mabuting tao
 - c. ang makita ang kilos bilang isang tungkulin
 - d. ang pagsunod sa mga batas na nagtataguyod ng mabuting kilos
2. Ayon kay Max Scheler, alin sa sumusunod ang tanging nakakikita sa pagpapahalaga natin sa mga bagay, gawi, at kilos?
 - a. Isip
 - b. Damdamin
 - c. Kilos-loob
 - d. Saloobin
3. Alin sa mga kilos sa ibaba ang tumutugon sa tunay na tawag ng *tungkulin*?
 - a. Ang pagbibigay ng regalo tuwing may okasyon.
 - b. Ang pagtulong sa kapuwa ng may hinihintay na kapalit.
 - c. Ang pagtakbo sa halalan upang maglingkod sa bayan.
 - d. Ang pagbabayad ng tamang buwis sa takdang panahon.

4. Anong *paninindigan* ang hindi ipinakikita kung tamad ang isang tao na mag-aral?
 - a. Ang pag-aaral ay sagot sa kahirapan.
 - b. Ang pag-aaral ay para sa mga nagnanais yumaman.
 - c. Ang pag-aaral ay nakatutulong sa pagtuklas sa katotohanan.
 - d. Ang pag-aaral ay para sa mga matatalino at masisipag pumasok sa paaralan.
5. Sino sa sumusunod ang kumikilos bilang isang hilig at hindi pagganap sa tungkulin?
 - a. Isang *saleslady* na tapat sa mga mamimili tungkol sa kalidad ng produkto upang lalo itong tangkilikin
 - b. Isang *driver* na nagbibigay ng *discount* o libreng sakay sa mga matatanda.
 - c. Isang lingkod-bayan na nagbibigay ng regalo tuwing Pasko sa mga mahihirap upang maalala siya sa panahon ng halalan.
 - d. Isang negosyanteng nagpapatakbo ng tindahan na maliit lamang ang tubo sa mga paninda.
6. Ang sumusunod ay dahilan kung bakit *hindi* maituturing na isang paninindigan ang pangongopya tuwing may pagsusulit o sa paggawa ng takdang-aralin *maliban* sa:
 - a. Hindi ito patas sa mga kaklaseng nag-aaral nang mabuti.
 - b. Hindi ito katanggap-tanggap sa mga guro na gumaganap sa kanilang tungkulin.
 - c. Nabibigyan ng pagkakataon ang mag-aaral na pumasa at makakuha ng mataas na marka.
 - d. Nawawalan ng saysay ang pag-aaral, pagsusulit at paglikha ng orihinal na bagay.
7. Alin sa sumusunod ang hindi katangian ng mataas na *pagpapahalaga* ayon kay Max Scheler?
 - a. nakalilikha ng iba pang halaga
 - b. nagbabago sa pagdaan ng panahon
 - c. mahirap o di-mabawasan ang kalidad
 - d. malaya sa organismong dumaranas nito
8. Kung pagbabatayan ang pananaw ni Max Scheler, ang *pangongopya* ay
 - a. Tama, dahil natutugunan nito ang pangangailangang pumasa.
 - b. Tama, dahil ito ay nagbibigay ng kasiyahan sa gumagawa.
 - c. Mali, dahil hindi pinili ang negatibong halaga kaysa sa katapatan.
 - d. Mali, dahil maaari kang mapagalitan ng guro.
9. Bakit kinakailangang isaalang-alang ang kapakanan ng kapuwa sa ating pagkilos?
 - a. Ito ay tanda ng tunay na pananampalataya.
 - b. Sa pagbibigay sa kapuwa, tumatanggap din tayo.
 - c. Kung ano ang iyong ginawa ay maaaring gawin din sa iyo.
 - d. Lahat ng nabanggit

10. Ang pagtulong sa kapuwa ay itinuturing na mabuting kilos. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng mas mataas na pagpapahalaga?
- Ang pagtulong sa kapuwa ay daan upang tulungan ka rin nila.
 - Ang pagtulong sa kapuwa ay nakapagbibigay kasiyahan sa sarili.
 - Ang pagtulong sa kapuwa ay pagtugon sa tawag na maglingkod.
 - Ang pagtulong sa iba ay bunsod ng pakikisama.



B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

Panuto:

- Itala ang mga kilos na ginagawa mo sa bawat araw.
- Isulat ang dahilan mo sa pagsasagawa ng mga nasabing kilos.
- Kilalanin kung mabuti o masama ang bawat kilos na ito ayon sa iyong palagay.
- Ilahad ang mga batayan na ginamit mo sa paghusga ng kabutihan o kasamaan ng bawat kilos.
- Gamiting gabay ang pormat sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Ang Aking mga Kilos	Dahilan sa Pagsasagawa ng Kilos	Mabuti o Masama?	Batayan sa Paghusga ng Kabutihan o Kasamaan ng Kilos
1.			
2.			
3.			
4.			

- Matapos ang gawain, sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:
 - Naging madali ba sa iyo ang pagkilala kung mabuti o masama ang mga kilos na isinasagawa mo? Bakit?
 - Mahalaga bang may kamalayan tayo sa dahilan ng bawat kilos na ating isinasagawa? Pangatwiran.
 - Bakit mahalaga ang bawat kilos na ating isinasagawa?

Gawain 2

Panuto:

1. Panoorin ang palabas na “The Unsung Hero” sa *Youtube*. (<https://www.youtube.com/watch?v=cZGghmwUcbQ>)
2. Sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno.
 - a. Batay sa palabas, ano ang kahulugan ng *tungkulin*?
 - b. Sa iyong palagay, maaari bang gamiting batayan ang tungkulin sa paghusga ng kabutihan at kasamaan ng kilos? Ipaliwanag.
 - c. Bakit itinuturing na mataas na pagpapahalaga ang paggawa ng mabuti sa kapwa?



C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

Gawain 3

Panuto:

1. Basahin at unawain ang sumusunod na sitwasyon. Tuklasin mo ang iyong gagawing pagkilos kung ikaw ang maharap sa ganitong pangyayari.
2. Suriin mabuti ang iyong kilos. Tukuyin ang mga pagpapahalaga na ipakikita mo sa bawat kilos na isasagawa mo.
3. Tayahin kung nagpapakita ang iyong kilos ng pag-iral ng mataas na pagpapahalaga.
4. Isulat ang mga hakbang kung paano mo matitiyak ang pag-iral ng mataas na pagpapahalaga sa bawat sitwasyon.
5. Gamiting gabay ang pormat sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Ang kilos na aking isasagawa	Mga pagpapahalaga na ipakikita ko sa bawat sitwasyon	Nagpakita ba ng pag-iral ng mataas na pagpapahalaga ang aking kilos?		Mga hakbang upang matiyak ang pag-iral ng mataas na pagpapahalaga sa bawat kilos
		Oo	Hindi	
1.				
2.				
3.				

Sitwasyon A

Inanyayahan si Kyle ng kaniyang mga kaibigan na maglaro ng basketbol pagkatapos ng klase. Matagal na rin mula ng huli siyang sumama sa lakad ng mga kaibigan at nami-*miss* na rin niya ang paglalaro. Alam niya na mahigpit na ipinagbabawal ng kaniyang ama ang pamamalagi sa labas, lalo na kung gabi na. Ngunit naisip ni Kyle na kung tatanggihan niya ang kaniyang mga kaibigan, maaaring magtampo sa kaniya ang mga ito at hindi na siya iimbitahan pa sa alinmang lakad. Ano ang gagawin mo kung ikaw si Kyle?

Sitwasyon B

Isa ka sa mga sumisikat na batang aktor sa inyong henerasyon at mapalad na napiling gumanap sa isang palabas sa telebisyon. Nang mabasa mo ang *script*, naisip mong may ilang eksenang hindi ka komportableng gawin. Ngunit ayon sa *director*, kung nais mong magpatuloy ang iyong pagsikat, dapat mong sundin ang *script* at gawin ang papel mo, mabuti o masama man ito sa paningin ng iba. Ipinaalala niya na marami ang naghihintay ng pagkakataong sumikat at gampanan ang papel na ibinigay sa iyo. Ano ang gagawin mo?

Sitwasyon C

Paborito mong tiyuhin si Bert, kahit may isyu siya sa *alkoholismo*. Habang naglalakad ka pauwi mula sa paaralan, napadaan siya dala ang kaniyang sasakyan at inanyayahan kang ihatid sa inyong bahay. Napansin mong nakainom siya at maaaring maaksidente kayo kung sasakay ka. Ngunit naisip mong madilim na at wala ka na ring kasabay sa paglalakad pauwi. Tulad ng nauna mong naisip, nakabangga siya ng isang puno ngunit mapalad pa ring walang malubhang nasaktan sa inyong dalawa maliban sa ilang gasgas sa iyong braso. Nakiusap ang Tito Bert mo na huwag nang sabihin sa mga magulang mo ang nangyari. Napansin ng iyong ina ang mga gasgas mo sa braso pagkarating mo sa bahay. Ano ang gagawin mo?

6. Sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno.
- Ano ang kahulugan ng *pagpapahalaga*?
 - Bakit kailangang tiyakin ang pag-iral ng mataas na pagpapahalaga sa bawat kilos na isasagawa?
 - Paano natin matitiyak ang pag-iral ng mataas na pagpapahalaga sa bawat kilos na isasagawa?



D. PAGPAPALALIM

Basahin at unawaing mabuti ang sanaysay.

Ang Kabutihan o Kasamaan ng Kilos Ayon sa Paninindigan, Gintong Aral, at Paninindigan, Gintong Aral, at Pagpapahalaga

Natatandaan mo ba ang kahulugan at mga katangian ng isang *mabuting kilos*? Bilang pagbabalik-tanaw, naunawaan mo sa Modyul 5 at 6 na itinuturing na *mabuti* ang isang makataong kilos kung ginamit ang *isip* upang makabuo ng mabuting layunin at ang *kilos-loob* upang isagawa ito sa mabuting pamamaraan. Likas sa tao na naisin at gawin ang isang bagay na magbibigay ng kaligayahan sa kaniya. Ngunit naitanong mo na ba sa iyong sarili kung tama bang gamitin ang *kaligayahan* bilang layunin sa pagsasagawa ng kilos? Halimbawa, may isang mag-aaral na mahilig manakit, mangopya, at manguha ng mga mahahalagang bagay sa kaniyang mga kaklase. Para sa kaniya, *mabuti* ang mga gawaing iyon dahil hatid ng mga ito ay kakaibang kasiyahan sa kaniyang sarili – na kaniyang tanging layunin. Ngunit paano naman ang mga kaklaseng apektado ng kaniyang kilos? Pinatutunayan nito na hindi sapat ang layunin sa paghuhusga na mabuti ang isang kilos.



Sa kabilang banda, itinuturing ding batayan ng paghusga ng kabutihan o kasamaan ng isang kilos ang *bunga o kahihinatnan* nito. Naririto ang ilang halimbawa. Isang bata ang nahuli sa akto ng *shoplifting* sa isang tindahan. Ginawa niya ito dahil malubha ang karamdaman ng kaniyang ina. Naisip niya na mabuting paraan ang pagnanakaw sa tindahan upang makabili ng gamot at malunasan ang sakit ng mahal sa buhay. Ayon sa kaniya, hindi na mahalaga kung masama ang paraan basta gumaling ang ina. Tama ba ang ganitong katuwiran? Ano naman ang masasabi mo



sa mga ilegal na nagtitinda sa bangketa o kaya sa mga nagpapasada ng *kolorum* (hindi rehistrado) na mga sasakyan kung saan naniniwala sila na mas mainam na pagmulan ng kanilang kabuhayan ang mga gawaing ito kaysa sa magnakaw? Maituturing na bang mabuti ang isang kilos kung ang *bunga* ay mabuti?


Pag-usapan naman natin ang isang *gawi* na madalas makita sa paaralan – ang pangongopya. Mula sa mga pagsusulit hanggang sa pang-araw-araw na takdang aralin, hindi makaiwas ang ilang mag-aaral na gawin ito. Bakit nga ba? Naghahatid ng *mabuting bunga o kahihinatnan* ang pangongopya. Maaaring matugunan nito ang pangangailangang pumasa ang isang mag-aaral, bukod sa maaaring makakuha rin siya ng mataas na marka. Ngunit hindi maituturing kailanman na mabuting gawain ang mangopya. Hindi sapat na batayan ang *bunga o kahihinatnan* sa paghuhusga ng kabutihan o kasamaan ng kilos. Ang bunga ay maaaring hindi rin agarang makita lalo na kung mas mahaba ang oras at proseso ng paggawa ng isang kilos. Tulad ng halimbawa sa itaas, ang pangongopya ay hindi palaging maghahatid ng magandang resulta. Sa pagkakataong ito, hindi malinaw na batayan sa paghusga ng mabuti o masama ang *bunga* ng isang gawain o kilos.

Ang mga katulad na sitwasyon sa itaas ang nagbibigay ng dahilan sa ilang tao na sumunod na lamang sa nakasanayan o binuong kultura ng nakararami. Sa kabila ng katotohanang likas sa tao ang kabutihan at nakaukit sa kaniyang puso ang Likas na Batas Moral, marami pa rin ang mas isinasaalang-alang ang pansariling kapakanan kaysa sa kabutihang panlahat. Kung hindi sapat na batayan ang layunin, paraan, sirkumstansiya, at kahihinatnan ng isang kilos sa paghusga ng kabutihan o kasamaan, mayroon bang mas malinaw at matatag na batayan ang isang mabuting kilos?

Ang Kautusang Walang Pasubali (*Categorical Imperative*)

“Gawin mo ang iyong tungkulin alang-alang sa tungkulin.”

Ito ang pananaw na itinaguyod ni Immanuel Kant, isang Alemang pilosopo na naglayong ipakita ang tunay na batayan ng mabuting kilos. Ayon sa kaniya, anumang gawain na taliwas dito ay ituturing na masama. Binigyang-diin ng pananaw na ito ang *pagganap sa tungkulin*, isang hamon sa nakararami na tugunan ito. Ipinaliwanag ito ni Kant sa Kautusang Walang Pasubali o *Categorical Imperative* – isang kautusan na walang kondisyon. Ang mismong tungkulin ay ang kondisyon. Bilang batayan sa pagkamabuti



Ang Kautusang Walang Pasubali o *Categorical Imperative* ay ang pagkilos sa ngalan ng tungkulin. Ginagawa ng isang tao ang mabuti dahil ito ang nararapat at *hindi* dahil sa kasiyahan na gawin ito.

o pagkamasama ng isang kilos, inoobliga ng Kautusang Walang Pasubali na gawin ang tungkulin sa ngalan ng tungkulin. Ngunit hindi agad maituturing na mabuti o masama ang isang kilos. Nakabatay ito sa *dahilan* kung bakit ito ginagawa o gagawin. May mga kilos ang tao na dahil sa kaniyang hilig

(*inclination*) at hindi dahil ito ay isang tungkulin (*duty*). Isang halimbawa ang paghinga ng tao (*breathing*). Bagamat sa paghinga, tinutupad natin ang tungkuling mabuhay, wala naman itong katangiang moral dahil *hilig o likas* sa tao ang huminga. Subalit hindi *likas o hilig* ng isang tao ang pigilin ang paghinga na maaaring maging sanhi ng kamatayan, kahit pa nahaharap siya sa isang mahirap na pagsubok. Malinaw na siya’y kumikilos batay sa kaniyang tungkuling mabuhay. Ang pagganap sa tungkulin ay ginagawa dahil sa ito’y tungkulin, na siyang itinuturing na mabuting kilos.

Sa pagkakataong ito, gamitin nating halimbawa ang pagbibigay ng tulong sa nangangailangan. Maaaring sabihin na *hilig* lamang ng isang mayaman na magbigay ng limos sa isang mahirap. Sa kabilang banda, kung magbibigay ng tulong ang isang *pulubi* sa tao na alam niyang hindi pa kumakain at mahinang-mahina na, maituturing na mabuti ang kilos dahil tawag ito ng tungkulin at hindi dahil *hilig* ito ng pulubi.

Naririto ang balangkas ng Kautusang Walang Pasubali ni Immanuel Kant:

Una, sinasabi nito na dapat *kumilos ang tao sa paraan na maaari niyang gawing pangkalahatang batas ang paninindigan*. Ano nga ba ang paninindigan? Ito ang dahilan ng pagkilos ng tao sa isang sitwasyon. Itinatakda nito ang kilos bilang isang tungkulin at mabuting dapat gawin. Paano natin ito maisasagawa?

Sa bawat sitwasyon na humihingi ng tugon sa pamamagitan ng mabuting kilos, kinakailangang tayahin ang *dahilan* ng pagkilos. Ang dahilang ito ang itinuturing na *paninindigan*. Tinataya ito sa dalawang paraan, ang maisapangkalahatan (*universability*) at kung maaaring gawin sa sarili ang gagawin sa iba (*reversibility*). Sa unang pagtataya, may dalawang tanong na dapat sagutin: Maaari bang maging paninindigan ng iba ang paninindigan ng isa sa parehong sitwasyon? Maaari bang ilapat ang paninindigan sa isang sitwasyon sa mga kapareho nitong sitwasyon? Kung ang sagot sa mga ito ay oo, nangangahulugan itong ang paninindigan ay tungkulin na kailangang gampanan. Obligadong gawin ito dahil iyon ang nararapat. Kung ang sagot naman ay taliwas sa pagtatayang ito, samakatuwid ang paninindigan ay hindi mabuti.

Ang paninindigan ay ang dahilan ng pagkilos ng tao sa isang sitwasyon.

Suriin natin ang isang sitwasyon sa paaralan.

Madalas mong makita si Miguel na nananakit ng mga kaklase ninyo. Ginagamit niya ang kaniyang lakas upang kunin ang pagkain o mahalagang gamit ng iba para sa sarili niyang kapakinabangan. Isang araw, nakita mong sinasaktan niya si James na malapit mong kaibigan dahil pinipilit niya itong gawin ang takdang-aralin sa isang asignatura. Ano ang gagawin mo?

Sa pagkakataong ito, ano ang dapat mong gawin? Maraming pagpipilian na paraan ng pagtugon sa ganitong sitwasyon. Maaari kang magsumbong sa awtoridad o magsawalang-kibo na lamang. Maaari mo ring ipagtanggol ang mga nagiging biktima ni Miguel at pagsabihan siya na mali ang kaniyang ginagawa. Ayon kay Kant, anuman ang sitwasyon, kailangan mong bumuo ng isang paninindigan bilang tugon mo sa sitwasyon. Ngunit kinakailangang ang paninindigang ito ay maaaring gawing *pangkalahatang* paninindigan at maaaring maging paninindigan ng iba sakaling maharap sila sa parehong sitwasyon. Ang binibigyang-diin dito ay mismong *dahilan* ng kilos kung magiging angkop ba ito sa *lahat* ng tao at sa mga kaparehong sitwasyon.

Paano ka maninindigan sa ganitong sitwasyon? Sa iyong palagay, ang paninindigan mo ba ay maaaring magiging paninindigan din ng iba? Kung mauulit ang sitwasyon, maaari pa rin bang ilapat ang paninindigang ito?

Kung ilalapat naman ito sa kilos ng pangongopya, anong paninindigan ang pinanghahawakan ng isang mag-aaral dito? Kung pinaninindigan niya na pumasa sa pamamagitan ng pangongopya, hindi ito maituturing na *pangkalahatang paninindigan* sapagkat hindi ito magiging katanggap-tanggap sa mga guro, mga



magulang, at maging sa mga kaklaseng nag-aaral nang mabuti. Kung mangongopya na lamang ang lahat ng tao, mawawalan ng saysay ang pag-iisip, pag-aaral, at paglikha ng orihinal na mga bagay. Malinaw ang katotohanan sa usaping ito – mali ang pangongopya. Hindi rin ito isang *tungkulin*, bagkus ay masamang gawi.


Sa ikalawang pagtataya, dapat sagutin ang tanong na: Maaari bang ilapat ang paninindigang ito sa iba tulad ng paglapat mo nito sa iyong sarili (*reversibility*)? Kung oo ang sagot, nangangahulugan ito na mabuti ang paninindigan at ito’y isang tungkuling dapat gawin. Gamitin nating halimbawa ang pagiging tapat at pagsasabi ng totoo. Isinasabuhay mo ba ang pagiging tapat? Nagsasabi ka ba ng totoo sa iyong kapuwa sa lahat ng oras? Nais mo bang maging tapat at magsabi rin sila ng totoo sa iyo? Ito ang patunay na mabuting gawain at tungkulin ng tao ang pagiging tapat at pagsasabi ng totoo.

Kaugnay nito ang sinasabi sa ikalawang balangkas ng Kautusang Walang Pasubali tungkol sa pagkilos ng tao. Inaasahan na dapat mangibabaw ang paggalang sa bawat isa, pagtrato ayon sa kanilang *pagkatao* bilang taong *may dignidad*, hindi lamang bilang isang *kasangkapan* kundi bilang isang *layunin* mismo. Halimbawa, katuwang natin sa gawaing-bahay ang isang katiwala o kasambahay kaya mahalaga ang pagtrato sa kaniya nang may paggalang sa kapuwa tao na may dignidad, na may malasakit sa kaniyang kapakanan at kabuuang pag-unlad. Ito ang naging batayan ng Karapatang Pantao (*Human Rights*). Ang paggalang sa dignidad ng tao ay ang pagbibigay-halaga sa kaniya bilang rasyonal na indibidwal.

Maiuugnay ang ikalawang pagtataya sa Unang Balangkas ng Kautusang Walang Pasubali sa susunod na paksa sa babasahing ito - ang Gintong Aral ni *Confucius*.

Ang Gintong Aral (*The Golden Rule*)

“Huwag mong gawin sa iba ang ayaw mong gawin nila sa iyo.” Mula sa kasabihang ito ni Confucius, isang pantas mula sa Silangang Asya, makikita ang pagkakatulad sa ikalawang pagtataya ng Unang Balangkas ng Kautusang Walang Pasubali ni Kant – ang *reversibility*. Ayon sa kaniya, mahalagang isaalang-alang ang mabuting pakikisama at kapakanan ng kapwa sa bawat kilos ng tao. Itinuturing ni Confucius na matibay na batayan ng moral na kilos ang *reciprocity* o *reversibility*. Kinakailangang pag-isipan nang malalim ang bawat kilos bago isagawa at ang magiging epekto nito sa iba. Dito higit na mapatutunayan kung mabuti o masama ang isang partikular na kilos.



Kaugnay ng kasabihang ito ni Confucius, nabanggit ni Hesukristo nang minsang mangaral siya na, “Kung ano ang ibig ninyong gawin sa inyo ng mga tao, gayon din ang gawin ninyo sa kanila” (Lukas 6:31). Sumasang-ayon din ang kasabihan ni Confucius sa turo ni Propeta Muhammad sa pananampalatayang Islam. Makikita sa *Hadith* (isa sa mga batayan maliban sa Qur’an) ang pahayag na, “Wala ni isa man sa inyo ang tunay na mananampalataya hangga’t hindi niya ninanais sa kaniyang kapatid ang nais niya para sa kaniyang sarili.” Sa puntong ito, malinaw na ang gawain ay *mabuti* kung ito ay *reciprocal* (pagkakatugunan). Binibigyang-diin sa pahayag na ito ang pagsaalang-alang sa kapakanan ng kapuwa bilang tanda ng tunay na pananampalataya. Ipinaliliwanag nito na *obligado* ang taong gumawa ng kabutihan sa iba at tiyak na makatatanggap din siya ng kabutihan. Sa pagbibigay sa kapuwa, tumatanggap din tayo. Sa huli, mahalagang tiyakin na ang bawat kilos natin ay hindi lamang para sa ating sarili bagkus para sa lahat.

Ang Pagnanais: Kilos ng Damdamin

Kung ang *paninindigan* ay dahilan (isip) ng pagkilos ayon sa Kautusang Walang Pasubali ni Immanuel Kant, ang *pagnanais* na gawin ang isang kilos ay bunga ng damdamin. Ninanais ng tao na gawin ang isang kilos dahil makabubuti ito para sa

kaniyang sarili at sa iba. Hindi bulag ang damdamin dahil nakikita nito ang kahalagahan ng isang mabuting kilos kaya't obligado ang tao na gawin ito. Dahil dito, kailangang bigyang-pansin ang damdamin sa pagkilos. Bakit tayo tumutulong sa kapuwa? Bakit natin sinasamahan o dinadamayan

Sa bawat kilos na ating ginagawa, may nakikita tayong *pagpapahalaga* na nakatutulong sa pagpapaunlad ng ating pagkatao tungo sa pagiging *personalidad*.

ang isang kaibigan? Bakit ka nagsisikap sa pag-aaral? Bakit kailangan mong maging maingat sa pagtawid sa kalsada? Bakit sinisikap mong maging mabuting tao? Sa bawat kilos na ating ginagawa, may nakikita tayong *pagpapahalaga* na nakatutulong sa pagpapaunlad ng ating pagkatao tungo sa pagiging *personalidad*.

Ang Pagpapahalaga Bilang Batayan sa Paghusga ng Kabutihan o Kasamaan ng Kilos

Isa sa mga isinasaalang-alang natin sa ating mga pasiya at kilos ay ang ating *kaligayahan*. Dahil dito, binibigyang-halaga o ninanais natin ang anumang bagay na nagbibigay ng ganitong uri ng damdamin. Paano natin malalaman kung masama o mabuti ang mga bagay o kilos na mahalaga at nagbibigay ng kaligayahan sa atin?



Ayon kay Max Scheler, ang tao ay may kakayahang humusga kung mabuti o masama ang isang gawi o kilos ayon sa *pagpapahalaga* (*values*). Ano nga ba ang pagpapahalaga? Sa Baitang 7, naunawaan mo na ang *pagpapahalaga* ay obheto ng ating *intensiyonal na damdamin*. Obheto ito ng puso at hindi ng isip, kaya't nauunawaan natin ang *pagpapahalaga* sa pamamagitan ng pagdama rito. Hindi iniisip ang *pagpapahalaga* dahil bulag ang ating isip dito. Ngunit hindi ito nangangahulugan na hindi na natin mapag-iisipan ang mga bagay, gawi, at kilos na mahalaga sa atin. Ang mga *pagpapahalaga* ang nagbibigay ng kabuluhan o kalidad sa buhay ng tao. Sa paanong paraan ito nangyayari?

Gabay natin sa bawat pagpapasiya bilang tao ang ating mga pagpapahalaga. Nasasalamin sa ating mga kilos at pasiya ang mga bagay na may *halaga* sa atin. Obhektibo ang mga pagpapahalaga, kahit tanging damdamin ang nakakikita ng mga ito. Ngunit, kailangan nating maging maingat sa pagnanais ng anumang mahalaga para sa atin.

Ayon kay Scheler, nakasalalay sa *pagpili* ng pahahalagahan ang *paghusga* sa pagiging mabuti o masama ng kilos ng tao. Maituturing na mabuti ang isang gawain kung mas piniling gawin ang mas mataas na *pagpapahalaga* kaysa sa mababang

pagpapahalaga o positibong pagpapahalaga kaysa sa negatibong pagpapahalaga. Halimbawa, maaaring magdulot ng kasiyahan sa pakiramdam at pagtanggap ng iba pang kabataang tulad mo ang *paninigarilyo*. Subalit, alin ba ang mas mataas na pagpapahalaga; ang pansariling kasiyahan at pagtanggap ng iba o ang pangangalaga sa sariling katawan at kalusugan? Kung ilalapat natin ito sa pangongopya sa pagsusulit, maituturing na *masama* ang mangopya dahil pinili ang negatibong pagpapahalaga kaysa sa positibong pagpapahalaga ng pag-aaral nang mabuti at *katapatan* sa sarili at sa kapuwa.

Binigyang-diin ni Scheler na *hindi* ang *layunin* o *bunga* ng kilos ang batayan sa paghuhusga ng kabutihan o kasamaan ng kilos. Hindi maaaring sa layunin dahil magiging masalimuot ang paghahanap ng pamantayan. Gayundin ang *bunga* dahil kailangan pang hintayin ito bago malaman kung mabuti o masama ang kilos. Aniya, ang batayan ay ang mismong *pagpapahalagang ipinakikita* habang isinasagawa ang kilos.

Upang matiyak ang pagpili sa mataas na pagpapahalaga, balikan natin ang Limang Katangian ng Mataas na *Pagpapahalaga* ni Max Scheler. Tinalakay ito sa Modyul 10 sa Baitang 7 kaya magsisilbi na lamang itong paalala sa iyo. Ang mga ito ay ang sumusunod:

1. kakayahang tumatagal at manatili (*timelessness or ability to endure*)
2. mahirap o hindi mabawasan ang kalidad ng pagpapahalaga (*indivisibility*)
3. lumilikha ng iba pang mga pagpapahalaga
4. nagdudulot ng higit na malalim na kasiyahan o kaganapan (*depth of satisfaction*)
5. malaya sa organismong dumaranas nito

Sa iyong pagtulay sa mahabang proseso ng pagpapakatao, mahalagang maging malinaw sa iyo ang mga batayan sa paghuhusga ng kabutihan o kasamaan ng isang kilos. Ang malalim na pag-unawa sa Kautusang Walang Pasubali, Gintong Aral, at mga pagpapahalaga ay magbibigay sa iyo ng matatag na kakayahan na *gawin ang mabuti at iwasan ang masama*. Hindi man ito maging madali sa iyo sa simula, ang pagsasabuhay ng mga ito ang makatutulong sa pagpupunyagi mong abutin ang ikatlong yugto ng pagpapakatao – ang pagiging *personalidad*.

Tayahin ang Iyong Pag-unawa

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan, sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno.

1. Bakit hindi sapat ang *layunin* at *kahihinatnan ng kilos* bilang batayan sa paghusga ng kabutihan o kasamaan ng isang kilos?

2. Ipaliwanag ang sumusunod na batayan ng moralidad gamit ang isang halimbawa:
 - a. Kautusang Walang Pasubali ni Immanuel Kant
 - b. Gintong Aral ni Confucius
 - c. Pagpapahalaga ayon kay Max Scheler
3. Ano ang paninindigan? Paano tatayahin ang isang paninindigan bago ito ituring na tungkuling dapat gampanan?
4. Bakit naihahambing ang Kautusang Walang Pasubali ni Kant sa Gintong Aral ni Confucius?
5. Paano magagamit na batayan sa paghusga ng kabutihan o kasamaan ng kilos ang mataas na pagpapahalaga?

Paghinuha ng Batayang Konsepto

1. Hahatiin ng guro ang klase sa apat na pangkat. Magkakaroon ng lima hanggang sampung minutong talakayan sa pangkat upang sagutin ang tanong na: **Ano-anong turo o pananaw ang maaaring gamiting batayan sa paghusga ng kabutihan o kasamaan ng kilos?**
2. Matapos mapakinggan ang sagot ng lahat ng kasapi sa pangkat ay bumuo ng pangkalahatang sagot sa mahalagang tanong at isulat ito sa isang manila paper.
3. Ipaskil sa pisara at basahin sa klase.
4. Pagkatapos, gamitin ang *output* ng bawat pangkat upang bumuo ng pangkalahatang sagot ng klase sa mahalagang tanong.

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?



E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Gawain 4

Panuto:

1. Gunitain ang iyong mga kilos na itinuturing mong hindi mabuti.
2. Ilahad kung anong paninindigan ang naging batayan mo at ang mga pagpapahalagang ipinakita mo sa pagsasagawa ng mga nasabing kilos.
3. Isulat ang mga paraan kung paano mo ito maitatama sa pamamagitan ng pagbuo ng mga pasiya gamit ang paninindigan, Gintong Aral, at mataas na pagpapahalaga.

4. Gamiting gabay ang pormat sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Mga gawi o kilos	Ang paninindigan na naging batayan ng kilos	Mga pagpapahalaga sa pagsasagawa ng kilos	Mga tiyak na hakbang upang palagiang gawin ang mabuting kilos ayon sa sitwasyon (Mga pasiya batay sa paninidigan, Gintong Aral, at mataas na pagpapahalaga)
<p>Bilang Anak</p> <p><i>Halimbawa:</i></p> <p>1. Hindi pagsunod sa utos ng mga magulang</p>	<p>Kakayahang magpasiya para sa sarili</p>	<p>Kawalan ng paggalang at pagmamahal sa mga magulang at hindi pagsunod sa ipinag-uutos ng Diyos</p>	<p>1. Makikinig at susunod sa ipinag-uutos ng mga magulang</p>
<p>Bilang Mag-aaral</p> <p>1. Pangongopya sa kaklase kapag hindi nakapag-aral para sa pagsusulit</p>	<p>Pumasa sa lahat ng asignatura sa kahit na anong paraan</p>	<p>Kawalan ng katapatan</p>	<p>1. Makikinig sa guro at mag-aaral nang mabuti</p> <p>2. liwasan ang mga di-makabuluhang gawain na nakasisira sa pag-aaral</p>
<p>Bilang Mamamayan</p> <p>1.</p> <p>2.</p>			

Pagninilay

Gawain 5

Panuto:

1. Maglaan ng 15 minuto kung kailan maaari mong gunitain ang mga isinagawa mong kilos. Gawin mo ito nang dalawang beses sa loob ng isang araw, sa tanghali pagkatapos kumain at sa gabi bago matulog.
2. Pagnilayan ang sumusunod na tanong. Isulat sa *journal* ang iyong sagot.
 - a. Ano ang layunin ko sa aking isinagawang kilos? Paano ko ito isinagawa?
 - b. Ano ang paninindigan at mga pagpapahalagang ipinakita ko sa aking kilos?
 - c. Ano ang naramdaman ko sa aking isinagawang kilos?
 - d. Ano ang maaari kong gawin sakaling bigo akong maipakita ang mabuting paninindigan at mataas na pagpapahalaga?

- e. Paano ko maisasabuhay ang mabuting paninindigan at mataas na pagpapahalaga?

Pagsasabuhay

Gawain 6

Panuto:

1. Mula sa mga aral na nakuha mo sa modyul na ito, maaari kang gumawa ng isang *pocket reminder* na naglalahad ng mga paraan kung paano makabubuo ng mabuting paninindigan at makapipili ng mas mataas ng pagpapahalaga sa bawat kilos.
2. Maaari mong hingin ang opinyon ng iyong mga magulang, guro, at iba pang nakatatanda upang higit na maging makabuluhan at makatotohanan ang mga paraang itatala mo. Maaaring tanungin ang magulang, kapatid, kaibigan, o kapitbahay sa pagpili ng paninindigan at mas mataas na halaga sa mga gagawin.
3. Ipakita ang pagiging malikhain sa paggawa ng *pocket reminder*.

Halimbawa:



Mga Kakailangang Kagamitan (website, software, mga aklat, worksheet)

Mga Sanggunian:

- Agapay, R. (2001). *Ethics and the Filipino: A Manual on Morals for Students and Educators*. Mandaluyong City, Philippines: National Book Store.
- Articulo, A. & Florendo G. (2003). *Values and Work Ethics*. Bulacan: Trinitas Publishing, Inc.
- Babor, E. (1999). *Ethics: The Philosophical Discipline of Action*. Manila: Rex Book Store.
- Blackburn, S. (2005). *Oxford Dictionary of Philosophy*. Oxford: Oxford University Press.
- Carino, M. et al. (2008). *A Pocketful of Virtues*. Rizal: Glad Tidings Publishing, Inc.
- Dy, M. (2007). *Mga Babasahin sa Pilosopiyang Moral*. Quezon City: Office of Research and Publication.
- Dy, M. (2013). Ang Pagtuturo ng Pilosopiya sa K to 12 Edukasyon sa Pagpapakatao. *Kaisipan*, 1(1), 18-27.
- Glenn, P. J. (1930). *Ethics: A Class Manual in Moral Philosophy*. London: B. Herder Book Co.
- Law, S. (2007). *Eyewitness Companions Philosophy*. London: A Penguin Company.
- Montemayor, F. (1994). *Ethics: The Philosophy of Life*. Mandaluyong City, Philippines: Rex Book Store.
- Punsalan, T. et al. (2007). *Kaganapan sa Maylalang IV*. Quezon City: Rex Printing Company, Inc.
- Reyes, R. (1989). Rev. Ed (2009). *Ground and Norm of Morality: Ethics for College Students*. Quezon City: ADMU Press.

Mula sa Internet:

Bradshaw, J. *Kantian Deontology: The Categorical Imperative*. Retrieved March 21, 2014 <http://www.slideshare.net/abbenay/kant-introductory-pp>

Case, N. *Max Scheler: Person as Bearer of Values*. Retrieved March 21, 2014 from <http://perfectpragmatist.blogspot.com/2013/05/max-scheler-person-as-bearer-of-values.html>

Johnson, R. *Kant's Moral Philosophy*. Retrieved March 21, 2014 from <http://plato.stanford.edu/archives/sum2014/entries/kant-moral/>.

Kantian Ethics. Retrieved March 21, 2014 from <http://www.csus.edu/indiv/g/gaskill/ethics/Kantian%20Ethics.htm>

Linaloved. *Heartwarming Thai Commercial - Thai Good Stories*. Retrieved August 19, 2013 from <https://www.youtube.com/watch?v=cZGghmwUcbQ>

Notes on Kantian Ethics. Retrieved March 21, 2014 from <http://philosophy.tamu.edu/~sdaniel/Notes/ethics3a.html>

Scheler's Hierarchy. Retrieved March 21, 2014 from <http://brutus.wordpress.com/2011/10/18/schelers-hierarchy/>

Skinner, C. *Kant on Acting from Duty and Acting in Accordance with Duty*. Retrieved 20 August 2014 from <http://askaphilosopher.wordpress.com/2011/07/22/kant-on-acting-from-duty-and-acting-in-accordance-with-duty/>

MODYUL 8: MGA YUGTO NG MAKATAONG KILOS AT MGA HAKBANG SA MORAL NA PAGPAPASIYA



A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Pamilyar ba sa iyo ang mga salitang: “Bahala na nga,” “Sige na nga,” o kaya naman ay “P’wede na ‘yan?” Ang mga salitang ito ang nabibigkas mo lalo na kung hindi ka sigurado sa iyong pipiliing pasiya o kung nagmamadali ka sa iyong isasagawang kilos.

Sa Modyul 7, natutuhan mo na maaaring makaapekto ang kamangmangan, masidhing damdamin, takot, karahasan, at ugali sa pananagutan ng tao sa kalalabasan ng kaniyang pasiya at kilos. Layunin naman ng modyul na ito na lalo pang mapalawak ang iyong kaisipan sa masusing paggamit ng iyong isip na kaloob ng Diyos at maging mapanagutan sa bawat isasagawang kilos at pasiya. Sa pamamagitan nito, magagabayan ka upang masagot ang mahalagang tanong na: **Bakit mahalagang gamitin ng tao nang tama ang isip at kilos-loob sa pagsasagawa ng moral na pagpapasiya?**

Handa ka na ba? Tayo na! Simulan na natin ang pagtuklas ng mga hakbang sa pagsasagawa ng moral na pagpapasiya.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

- 8.1 Naipaliliwanag ang bawat yugto ng makataong kilos at mga hakbang sa moral na pagpapasiya
- 8.2 Natutukoy ang mga kilos at pasiyang nagawa na umaayon sa bawat yugto ng makataong kilos
- 8.3 Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto
- 8.4 Nakapagsusuri ng sariling mga kilos at pasiya batay sa mga yugto ng makataong kilos at nakagagawa ng plano upang maitama ang mga kilos o pasiya

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng *output* sa Kakayahang pampagkatuto 8.4:

- a. Nakapagsuri at nakabuo ng tatlong plano sa pagpapasiyang gagawin sa mga susunod na araw.
- b. Naisulat kung paano isasabalikat ang pananagutan sa gagawing pasiya.
- c. Naipakita kung ano ang mangyayari kung sakaling hindi magiging mapanagutan sa gagawing pasiya.



Paunang Pagtataya

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakatamang sagot. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang dalawang kategorya na bumubuo sa 12 yugto ng makataong kilos ayon kay Sto. Tomas de Aquino?
 - a. Isip at Kilos-loob
 - b. Intensiyon at Layunin
 - c. Paghuhusga at Pagpili
 - d. Sanhi at Bunga
2. Habang naglalakad sa *mall* si Mary Rose ay nakakita siya ng sapatos. Matagal na niyang gustong magkaroon ng ganoong klaseng sapatos. Tumigil siya sandali at nag-isip kung saan siya kukuha ng pera upang mabili ito. Nasa anong yugto ng makataong kilos si Mary Rose?
 - a. Intensiyon ng layunin
 - b. Nais ng layunin
 - c. Pagkaunawa sa lay
 - d. Praktikal na paghuhusga sa pagpili
3. Gamit ang halimbawa sa Bilang 2. Pinag-isipan ni Mary Rose ang iba't ibang paraan upang mabili niya ang sapatos? Hihingi ba siya ng pera sa kaniyang magulang, mag-iipon, o magnanakaw ng pera upang mabili ito. Nasaan na kayang yugto ng kilos si Mary Rose?
 - a. Intensiyon ng layunin
 - b. Pagkaunawa sa layunin
 - c. Paghuhusga sa nais makamtan
 - d. Masusing pagsusuri ng paraan
4. Bakit kailangang isaisip at timbangin ang mabuti at masamang naidudulot ng pasiya?
 - a. Dahil ito ay magsisilbing gabay niya sa pang-araw-araw na buhay.
 - b. Dahil ito ay makatutulong sa tao upang magkaroon siya ng mabuting kilos.
 - c. Dahil ang bawat kilos ay may batayan, dahilan, at pananagutan.
 - d. Dahil ito ay nagdudulot sa tao ng kaseguruhan sa kaniyang pagpili.
5. Bakit kailangang mabigyan ng sapat na panahon sa pagpapasiya ang tao?
 - a. Upang magsilbing gabay sa buhay.
 - b. Upang magsilbing paalala sa mga gagawin.
 - c. Upang magkaroon ng sapat na pamantayan sa pipiliin.
 - d. Upang mapagnilayan ang bawat panig ng isasagawang pagpili.

6. Alin sa sumusunod ang unang dapat gawing hakbang sa moral na pagpapasiya?
 - a. Tingnan ang kalooban
 - b. Magkalap ng patunay
 - c. Isaisip ang posibilidad
 - d. Maghanap ng ibang kaalaman

7. Kung ikaw ay magsasagawa ng pasiya, ano kaya ang pinakahuling hakbang na iyong gagawin?
 - a. Isaisip ang mga posibilidad
 - b. Maghanap ng ibang kaalaman
 - c. Umasa at magtiwala sa Diyos
 - d. Tingnan ang kalooban

8. Niyaya si Alfred ng kaniyang mga kamag-aral na huwag pumasok at pumunta na lamang sa isang *computer shop*. Hindi kaagad sumagot ng oo si Alfred bagkus ito ay kaniyang pinag-isipang mabuti kung ito ba ay tama o mali at ano ang sakaling magiging epekto nito kung sakaling sumama siya. Anong proseso ng pakikinig ang ginamit ni Alfred?
 - a. Isaisip ang mga posibilidad
 - b. Maghanap ng ibang kaalaman
 - c. Tingnan ang kalooban
 - d. Magkalap ng patunay

9. Kung sa iyong pagpapasiya ay sinusuri mo ang iyong konsensiya at binibigyang halaga mo kung ang iyong pasiya, makapagpapasaya sa iyo o hindi. Anong bahagi kaya ito ng Hakbang sa Moral na Pagpapasiya?
 - a. Magkalap ng patunay
 - b. Maghanap ng ibang kaalaman
 - c. Tingnan ang kalooban
 - d. Umasa at magtiwala sa Diyos

10. Sa tuwing dumarating sa buhay ni Amir ang pagpapasiya palagi niyang tinatanong ang kaniyang sarili kung ito ba ang nais ng Diyos o naaayon sa Kaniyang kautusan? Sa iyong palagay, nasaan kayang bahagi ng hakbang ng pagpapasiya si Amir?
 - a. Tingnan ang kalooban
 - b. Isaisip ang posibilidad
 - c. Maghanap ng ibang kaalaman
 - d. Umasa at magtiwala sa Diyos




B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

Mapapansin mo na sa bawat oras at araw, ikaw ay nagsasagawa ng pagpapasiya. Naging madali ba ito para sa iyo? Napansin mo ba ang naging epekto nito sa iyo at sa iyong kapuwa? Mas mabuti kung ang bawat pasiya ay nakabatay sa makataong pagkilos.

Panuto:

1. Ano ang kahulugan ng makataong kilos para sa iyo?
2. Isulat sa loob ng parisukat ang iyong sagot.
3. Gawin ito sa iyong kuwaderno.



Sagutin ang mga tanong:

1. Bakit iyan ang mga kahulugan mo sa salitang makataong kilos? Ipaliwanag.
2. Kailangan ba na palaging isagawa ang makataong kilos sa lahat ng oras o pagkakataon? Bakit?
3. Paano ito makatutulong sa iyo sa araw-araw na pamumuhay?

Gawain 2

Panuto:

1. Basahin at unawaing mabuti ang sitwasyon sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.
2. Sa susunod na pahina, lagyan ng tsek (✓) ang loob ng panaklong kung ang tauhan ay nagpapakita ng makataong kilos at ekis (x) kung hindi.
3. Isulat ang paliwanag sa ibaba nito.
4. Pagkatapos, ibahagi mo sa isang kamag-aral ang iyong sagot.

Sitwasyon A

Niyaya si Omar ng kaniyang kamag-aral na huwag munang umuwi pagkatapos ng klase dahil mag-iinuman daw sila. Sumama si Omar kahit ipinagbabawal ito ng kaniyang magulang.

Nagpakita ba si Omar ng makataong kilos? Oo () Hindi ()

Bakit: _____

Sitwasyon B

Hindi nakapag-aral si Monica sa Filipino kahit alam niyang mayroon silang pagsusulit. Sa oras ng pagsusulit ay maraming tanong na hindi niya nasagot. Sinabihan siya ng kaniyang katabi na pakokopyahin siya ng sagot subalit tinanggihan niya ito.

Nagpakita ba si Monica ng makataong kilos? Oo () Hindi ()

Bakit: _____

Sitwasyon C

Nakita ni Abdullah na ang kaniyang kamag-aral na si Fatima ang kumuha ng *cellphone* ng kaniyang guro. Ngunit nanahimik na lamang siya upang huwag nang madamay pa.

Nagpakita ba si Abdullah ng makataong kilos? Oo () Hindi ()

Bakit: _____

Sitwasyon D

Si Ella ay labinlimang gulang pa lamang. Niyaya siya ng kaniyang kasintahan na sila ay magsama na. Ngunit kahit mahal ni Ella ang kasintahan ay hindi siya sumama rito.

Nagpakita ba si Ella ng makataong kilos? Oo () Hindi ()

Bakit: _____

Sitwasyon E

Si Ernie ay pinakiusapan ng kaniyang guro na tulungan ang isang pangkat sa Baitang 7 sa kanilang paaralan para sa paglahok nito sa isang paligsahan sa Sayawit. Pinili siya dahil mahusay si Ernie sa larangang ito. Masayang pumayag si Ernie kaya't sinimulan na niya ang pagtuturo sa kapuwa niya mag-aaral. Tatlong araw na lamang bago ang paligsahan, biglang hindi na nagpakita si Ernie at ang sinabi niya, kailangan niyang alagaan ang kaniyang kapatid na maysakit. Ngunit ang totoo, kinuha siya ng isang pangkat at pinangakuang babayaran ng malaking halaga.

Nagpakita ba si Ernie ng makataong kilos? Oo () Hindi ()

Bakit: _____

Sagutin ang mga tanong:

1. Sino-sino ang tauhan na nagpakita ng makataong kilos? Ng hindi makataong kilos? Ipaliwanag.
2. Mahalaga ba para sa iyo ang pagsasagawa ng makataong kilos? Ipaliwanag.
3. Nakatutulong ba sa isang tao ang pagsasagawa ng makataong kilos? Ipaliwanag.



C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

Gawain 3

Panuto:

1. Mag-isip ng mga sitwasyon sa iyong buhay na hindi mo makalimutan. Isulat kung paano ka nagpasiya at nagpakita ng makataong kilos sa bawat sitwasyon.
2. Punan ang hanay sa ibaba. Gabay mo ang halimbawa.
3. Isulat sa iyong kuwaderno ang sagot.
4. Ibahagi sa iyong katabi ang nilalaman ng iyong sagot.

Sitwasyon sa buhay na nagsagawa ng pasiya	Kilos na isinagawa	Epekto ng isinagawang pasiya	Mga realisasyon
Hal. Blg. 1 Niyaya ng kaibigan na mag- <i>cutting classes</i> .	Hindi sumama at pinili na pumasok sa klase.	Naunawaan ang tinalakay ng guro at nakakuha ng pasang marka sa pagsusulit sa araw na iyon.	Ang realisasyon ko ay mas makabubuti na piliin ang pagpasok sa klase dahil may mabuti itong maidudulot sa pag-abot ko ng aking pangarap at tunguhin sa buhay.
1.			
2.			
3.			
4.			
5.			

Sagutin ang mga tanong:

1. Sa kabuuan, ano-ano ang natuklasan mo sa iyong isinagawang mga kilos at pasiya sa mga sitwasyon?
2. Sa iyong palagay, bakit naging mabuti o masama ang epekto ng iyong kilos at pasiya?
3. May kinalaman ba ang pasiya ng tao sa kilos na kaniyang isasagawa? Ipaliwanag.





Gawain 4

Panuto:

1. Balikan ang mga sitwasyon sa iyong buhay na iyong isinulat sa Gawain Bilang 1. Suriin kung ang bawat isa ay kung naging mapanagutan ba sa iyong piniling pasiya at ito ba ay nagpakita ng makataong kilos.
2. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

Mga Sitwasyon (1-5)

Nagpapakita ba ito ng mapanagutang pasiya at makataong kilos? Ipaliwanag



Sagutin ang mga tanong:

1. Sa kabuuan, nakita mo ba ang mahalagang pananagutan mo sa bawat pasiya na iyong ginagawa? Ipaliwanag.
2. Matapos mong pagnilayan kung naging mapanagutan ka o hindi, ano ang nararamdaman mo ukol dito?
3. Sa iyong palagay, paano ito makatutulong sa iyo bilang isang kabataan?

Upang higit na mapalalim ang iyong kaalaman sa kahalagahan ng yugto ng makatong kilos at mga hakbang sa pagsasagawa ng moral na pagpapasiya, halika, basahin mo ang akda tungkol dito.



D. PAGPAPALALIM


Basahin at unawaing mabuti ang sanaysay.

Mga Yugto ng Makataong Kilos at Mga Hakbang Moral na Pagpapasiya

Bahagi ng buhay ng tao ang magsagawa ng pasiya. Ito ay madalas mong ginagawa sa iyong pang-araw-araw na buhay. Kung tatanungin kita, mula sa iyong iba't ibang karanasan ng pagsasagawa ng pasiya, masasabi mo bang madali ang mga ito para sa iyo? Ito ba ay nakapagdulot sa iyo ng tagumpay o kabiguan? Ito ba ay nagpapakita ng makataong kilos? Ngayon ay inaanyayahan kitang balikan mo ang bawat sitwasyon kung saan gumawa ka ng pagpapasiya. Isipin mong mabuti kung ano-ano ang mga ito mula sa pinaka-simple at pinakamahirap na pasiya. Ngayon, ano ang masasabi mo rito? Nakatulong ba ito sa iyo upang ikaw ay lalong maging isang mabuting tao? Ito ba ay nakabatay sa pinakahuling layunin ng tao na makapiling ang Diyos sa kabilang buhay?



Napagnilayan mo ba na ang bawat pangyayari sa iyong buhay ay bunga ng iyong pagpapasiya? Tulad ng isang nagmamaneho ng sasakyan, siya ang may hawak ng manibela at siya ang nagdadala kung saang direksiyon niya nais pumunta. Gayon din ang tao, ang bawat kilos at pasiya na kaniyang gagawin ay may epekto sa kaniyang sarili at kapuwa kung kaya't kailangan na ito ay isagawa nang maingat gamit ang talino na ibinigay ng Diyos. Kung iyo lamang titingnang mabuti sa bawat araw na nagsasagawa ka ng kilos, may mga kilos na hindi mo kailangang pag-isipan tulad ng paghinga, pagbahin kung ikaw ay sinisipon, paglakad, at iba pa. Ngunit mayroon ka ring mga



kilos na kailangan mong pag-isipan at pagnilayan tulad halimbawa ng: kung papasok ba sa paaralan, makikinig ba sa tinuturo ng guro, kakain ba ng almusal bago pumasok, susunod ba sa utos ng magulang, gagawa ba ng takdang-aralin, at marami pang iba. Ang mga ito ay kailangan ng maingat na pagtitimbang sa kung ano ang dapat piliin at kung anong kilos ang dapat gawin. Mahalaga na makita mo kung ang pipilin mo ba ay nakabatay sa makataong pagkilos.

May pagkakasunod-sunod (*sequence*) ang pagsasagawa ng makataong kilos. Para kay Sto. Tomas de Aquino, may 12 yugto ito. Nahahati sa dalawang kategorya ito: ang isip at kilos-loob. Kung ang isang tao ay nagsasagawa ng madaliang pagpapasiya, hindi siya nagiging mapanagutan; bagkus nagiging pabaya siya sa anumang kalalabasan nito. Ngunit kung daraan siya sa mga yugtong ito, tiyak na magiging mabuti ang kalalabasan ng kaniyang isasagawang kilos.

Naririto ang mga yugto ng makataong kilos ni Sto. Tomas de Aquino. Ang isip at kilos-loob.

Isip	Kilos-loob
1. Pagkaunawa sa layunin	2. Nais ng layunin
3. Paghuhusga sa nais makamtan	4. Intensiyon ng layunin
5. Masusing pagsusuri ng paraan	6. Paghuhusga sa paraan
7. Praktikal na paghuhusga sa pinili	8. Pagpili
9. Utos	10. Paggamit
11. Pangkaisipang kakayahan ng layunin	12. Bunga

Paano gagamitin ang yugtong ito? Naririto ang isang halimbawa.

Sitwasyon:

Nakakita si Alvin ng isang bagong modelo ng *cellphone* sa isang *mall* kung saan siya namamasyal. Lahat ng kaniyang mga kaibigan ay mayroon na nito.



Suriin natin ang paglalapat ng makataong kilos sa sitwasyong ito.

1. *Pagkaunawa sa layunin.* Matagal na niyang nais magkaroon ng *cellphone* na bago sapagkat ang ginagamit niya ay luma na.
2. *Nais ng layunin.* Ang unang reaksiyon ni Alvin ay ang pagkakaroon ng pagnanasa rito. Nag-iisip na siya kung saan kukuha ng pera para mabili ito.
3. *Paghuusga sa nais makamtan.* Ito ang nais ng kaniyang kalooban, ang magkaroon ng bagong modelo ng *cellphone*.
4. *Intensiyon ng layunin.* Hanggang ngayon ay wala pa ring kalayaan si Alvin na pumili sapagkat ang kaniyang kilos-loob ay likas na tumatanggap lamang kung ano ang *mabuti* na sinasabi ng kaniyang isip. Mayroon siyang pera ngunit iniipon niya iyon para sa kaniyang pag-aaral sa kolehiyo. Kailangan niyang pumili, bilhin niya ang bagong modelo ng *cellphone* o hayaang maubos ang pera para sa kaniyang pag-aaral sa kolehiyo. Kung itinigil na niya ang ideya na bilhin ang *cellphone*, natatapos na rito ang moral na kilos. Ngunit, kung nag-isip pa siya ng ibang alternatibo tulad ng panghihiram ng pera sa mga kaibigan o barkada, ang moral na kilos ay nagpapatuloy.
Pinag-iisipan na niya ngayon ang ibat ibang paraan upang mabili ang bagay na iyon. Bibilhin ba niya ito ng *cash* o *installment*? O nanakawain ba niya ito?
5. *Masusing pagsusuri ng paraan.* Ang pagsusuri ng paraan na kaniyang gagawin ay nagpapatuloy at ang pagsang-ayon niya sa mga nasabing pagpipilian.
6. *Paghuusga sa paraan.* Ngayon ay huhusgahan na niya kung alin ang pinakamabuti. Pagbabayad sa kabuuang halaga, pagbabayad paunti-unti, o pagnanakaw; pagkatapos ay huhusgahan niya ang pinakamabuti sa lahat.
7. *Praktikal na paghuusga sa pinili.* Ang isip ay kasalukuyang pumipili ng pinakamabuting paraan.
8. *Pagpili.* Dito ay pumapasok na ang malayang pagpapasiya na kung saan ang kaniyang isip ay nag-uutos na bilhin ang nasabing *cellphone*.
9. *Utos.* Matapos niya itong bilhin ay ginamit na niya ito agad.
10. *Paggamit.* Ngayon ay mauunawaan niya kung angkop ba ang kaniyang isinagawang kilos.
11. *Pangkaisipang kakayahan ng layunin.* Ngayon ay ikatutuwa niya ang pagtatamo niya ng *cellphone*.
12. *Bunga.* Ito ang resulta ng kaniyang pinili.

Maaaring hindi tayo palaging may kamalayan sa mga yugtong ito o sa pagkakasunod-sunod nito, ngunit mahalaga na malaman ang bawat yugto upang maging gabay sa bawat kilos sa araw-araw na buhay.

Sa katunayan, ang moral na kilos ay nagtatapos na sa ikawalong yugto – ang pagpili. Kung kaya't kailangan ng masusing pagninilay bago isagawa ang pagpili. Hindi ito madali dahil kailangan itong pag-aralang mabuti at timbangin ang bawat panig ng mga bagay-bagay upang makita kung alin ang mas makabubuti dahil dito nakasalalay ang anumang maaaring kahinatnan nito.

Kung ikaw ang nasa sitwasyon ni Alvin, ano ang iyong gagawin:
Bibilhin mo ba ang *cellphone* o hindi?



Moral na Pagpapasiya

Ang bawat kilos ng isang tao ay may dahilan, batayan, at pananagutan. Sa anumang isasagawang pasiya, kinakailangang isaisip at timbangin ang mabuti at masamang idudulot nito. Noong ikaw ay nasa Baitang 7, tinalakay ninyo ang tungkol sa paggawa ng mabuting pasiya. Naaalala mo pa ba ito? Ang mabuting pagpapasiya ay isang proseso kung saan malinaw na nakikilala o nakikita ng isang tao ang pagkakaiba-iba ng mga bagay-bagay. Ito ay mahalaga sapagkat dito nakasalalay ang ating pagpili.


Ang mabuting pagpapasiya ay isang proseso kung saan malinaw na nakikilala o nakikita ng isang tao ang pagkakaiba-iba ng mga bagay-bagay.

Halimbawa: Inalok ka ng iyong kaibigan na sumama sa kanila at subukang gumamit ng ipinagbabawal na gamot. Ano ang iyong gagawin? Paano mo titimbangin ang mga bagay-bagay ukol dito? _____

May kalayaan ang bawat isa sa anumang gugustuhin niyang gawin sa kaniyang buhay. Sabi nga ni Fr. Neil Sevilla na isang pari sa isang parokya sa Bulacan, simula nang magkaroon ng isip ang tao hanggang sa kaniyang kamatayan, nagsasagawa siya araw-araw ng pagpapasiya. Ngunit ang malaking tanong ayon sa kaniya; naaayon ba ang pagpapasiyang ito sa kalooban ng Diyos? Ibig sabihin, naisasama ba ng tao ang Diyos sa bawat pagpapasiya na kaniyang ginagawa? Marahil nakikita mo ngayon na sa bawat gagawin mong pasiya kinakailangan mo ang gabay ng Diyos.

Ikaw, naisasama mo ba ang Diyos sa pagpapasiya na iyong ginagawa?

Sa anumang isasagawang proseso ng pagpapasiya, mahalaga na mabigyan ito ng sapat na **panahon**. Malaki ang maitutulong nito sapagkat mula rito ay mapagninilayan ang bawat panig ng isasagawang pagpili. Sa anumang isasagawang



Sa anumang isasagawang proseso ng pagpapasiya, mahalaga na mabigyan ito ng sapat na panahon. Malaki ang maitutulong nito sapagkat mula rito ay mapagninilayan ang bawat panig ng isasagawang pagpili.

proseso ng pagpapasiya, mahalaga na mabigyan ito ng sapat na **panahon**. Malaki ang maitutulong nito sapagkat mula rito ay mapagninilayan ang

bawat panig ng isasagawang pagpili. Ito ba ay makabubuti o makasasama hindi lamang sa sarili kundi pati na rin sa kapuwa? Kaya nga, madalas nating marinig sa isang tao na magsasagawa ng pasiya ang mga salitang ito, “Bigyan mo pa ako ng sapat na panahon.” Mapapansin natin na ang tao na nagsasagawa ng mga pagpapasiya nang hindi dumadaan sa tamang proseso at hindi nabibigyan ng sapat na panahon ay may malaking posibilidad na hindi maging mabuti ang resulta ng kaniyang pagpapasiya.

Teka muna... Balikan ang mga sitwasyon kung saan naging pabigla-bigla o *impulsive* ka sa iyong mga pagpapasiya at pagkilos. Masaya ka ba sa naging resulta ng mga ito? Bakit? Bakit hindi?

Mga Hakbang sa Moral na Pagpapasiya

Sa yugto ng iyong buhay sa ngayon, napakahalaga na dumaan ka sa proseso bago ka magsagawa ng pagpapasiya. Makatutulong sa iyo ang proseso ng pakikinig (*listen process*). Ito ay isang malalim na pagkaunawa gamit ang tamang konsensiya. Ito rin ang magsisilbing gabay sa mga sitwasyon na kinakaharap mo sa ngayon at mula rito matututuhan mo na ang moral na pagpapasiya ay isang kakayahan na may malaking kontribusyon sa anumang moral na dilemma.

Naririto ang mga Hakbang sa Moral na Pagpapasiya:

1. **Magkalap ng patunay** (*Look for the facts*). Mahalaga na sa unang hakbang pa lamang ay tanungin mo na agad ang iyong sarili. Naririto ang mga halimbawa ng tanong:

1. Anong patunay ang aking kailangang malaman upang makagawa ng mabuting pasiya?
2. Ano ba ang nangyayari sa sitwasyon?
3. Bakit ito nangyayari?
4. Sino-sino ang taong kasali o kasangkot?
5. Bakit sila napasali sa sitwasyon?
6. Saan nangyari ang sitwasyon?

2. **Isaisip ang mga posibilidad** (*Imagine possibilities*). Mahalaga na tingnang mabuti ang mga posibilidad na mga pagpipiliang magagawa para sa sitwasyon. Dito ay kailangang makita kung ano ang mabuti at masamang kalalabasan nito. Ano ang maaaring maging epekto nito hindi lamang sa sarili kundi para sa ibang tao.
3. **Maghanap ng ibang kaalaman** (*Seek insight beyond your own*). Hindi sa lahat ng oras o pagkakataon ay alam mo ang mabuti. Kailangan mo pa ring maghanap ng mga magagandang kaalaman na maaaring makapagbigay sa iyo ng inspirasyong makagawa ng tamang pagpapasiya. Halimbawa, maaari mong tanungin ang iyong sarili. Ito ba ang nais ng Diyos na gawin ko? Ito ba ay naaayon sa kaniyang kautusan?
4. **Tingnan ang kalooban** (*Turn inward*). Ano ang sinasabi sa iyo ng iyong kalooban tungkol sa sitwasyon? Ano ang sinasabi ng iyong konsensiya? Ano ang personal mong nararamdaman ukol sa sitwasyon? Ang lahat ng katanungan ay kailangan mong sagutin sapagkat sa anumang pasiya na iyong gagawin, kailangan na ikaw ay magiging masaya.
5. **Umasa at magtiwala sa tulong ng Diyos** (*Expect and trust in God's help*). Tanging ang Diyos lamang ang nakaaalam ng pinakamabuti para sa atin, kaya't napakahalaga na tumawag sa Kaniya sa pamamagitan ng panalangin. Ito ang pinakamabisang paraan upang malaman kung ano ang magandang plano Niya para sa atin. Ito rin ang magsisilbing lakas na magagamit sa sandaling dumaranas sa mahirap na sitwasyon.
6. **Magsagawa ng pasiya** (*Name your decision*). Dito ay magsasagawa ka na ng pagpapasiya. Maaari mong tanungin ang iyong sarili kung bakit mo ito pinili. Ano ang iyong mga plano sa iyong ginawang pagpili? Ikaw ba ay masaya rito? Ito ba ay batay sa moral na pamantayan? Makatutulong ang mga tanong na ito upang kung mayroon ka pang agam-agam o pagkalito sa iyong pipiliin, ay mapagnilayan mo itong mabuti.

Bilang kabataang katulad mo, napakabilis ng araw para sa iyo, kung kaya't napakabilis din ang pagsasagawa ng pasiya. Lagi mong tatandaan na sa lahat ng nilikha ng Diyos, ang tao lamang ang binigyan Niya ng isip at kilos-loob. Ito ay para gamitin sa pagsasagawa ng mabuting pasiya at kilos. At dahil may isip at kilos-loob ang tao, magagamit niya ito sa pagsasagawa ng mabuting kilos na nagpapakita ng pagmamahal hindi lamang sa kapuwa kundi lalo't higit sa Diyos.

Sa magulong mundo na iyong ginagalawan, makatutulong para sa iyo na kung ikaw ay magpapasiya, ikaw ay manahimik. Damhin mo ang presensiya ng Diyos upang ikaw ay makapag-isip mabuti at matimbang ang mga bagay-bagay. Makatutulong

ito sa iyo upang lubusan mong malaman at mapagnilayan kung ano ang makabubuti para sa iyo, sa kapuwa at sa lipunan.

Tayahin ang Iyong Pag-unawa


Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan, sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Ano-ano ang yugto ng makataong kilos ayon kay Sto. Tomas de Aquino?
2. Ano ang kahulugan ng mabuting pagpapasiya?
3. Paano nakatutulong sa tao ang pagsasagawa ng mabuting pagpapasiya? Ipaliwanag.
4. Bakit kailangan ang paglalaan ng sapat na panahon bago magsagawa ng pasiya?
5. Ano ang iyong pagkaunawa tungkol sa proseso ng pakikinig?
6. Sa iyong palagay, makatutulong ba ito sa isang kabataang katulad mo sa pagsasagawa ng mabuting pasiya? Ipaliwanag.
7. Ano-ano ang hakbang ng proseso ng pakikinig. Ipaliwanag ang bawat isa.

Paghinuha sa Batayang Konsepto

Mula sa iyong binasa, ano ang konseptong naunawaan mo mula sa babasahin? Isulat ito sa iyong kuwaderno gamit ang *graphic organizer*. Maging malikhain sa pagbuo nito at ipakita ito sa iyong kamag-aral.

Graphic Organizer



Batayang Konsepto:

Pag-uugnay ng batayang konsepto sa pag-unlad ko bilang tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?



E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Ngayon ay nabatid mo na ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mabuting pasiya. Dito nakasalalay ang maaaring kahinatnan ng iyong buhay. Kaya't ang wastong pagpili ay dapat pag-isipan at bigyan ng sapat na oras at panahon.

Pagganap

Gawain 5

Panuto:

1. Isipin ang mga maling pasiya na naisagawa sa sumusunod: pamilya, kaibigan, pag-aaral, baranggay, at simbahan. Isulat ito sa unang hanay.
2. Isulat naman sa pangalawang hanay kung paano mo ito iwawasto.
3. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

Maling pasiyang naisagawa	Paano ito iwawasto?
1. Sa pamilya	
2. Sa kaibigan	
3. Sa pag-aaral	
4. Sa baranggay	
5. Sa simbahan	

Pagninilay

Gawain 6

Panuto:

Balikang muli ang isang karanasan sa iyong buhay na labis mong pinagsisihan dahil sa maling pasiya. Isulat kung ano-ano ang iyong natutuhan mula rito.

Ang aking karanasan na hindi ko malilimutan ay ...
Ang Aking natutuhan mula rito ay ...

Pagsasabuhay

Sa pagpapasiya, kailangan kang magplano dahil ito ang makapagbibigay sa iyo ng tamang kaisipan sa iyong pagpili.

Gawain 7

Panuto:

1. Bumuo ng tatlong plano sa pagpapasiyang gagawin sa mga susunod na araw.
2. Isulat ang mga pasiya ng gagawin at kung paano isasabalikat ang pananagutan nang sa gayon ay magbunga ng makataong pagkilos.
3. Isulat sa ikatlong kolum ang maaaring mangyari kung sakaling hindi magiging mapanagutan sa gagawing pasiya.
4. Ipakita sa magulang ang ginawang plano at ipasulat sa kanila ang kanilang puna at payo.
5. Palagdaan ito sa kanila.

Mga pasiyang gagawin	Paano isasabalikat ang pananagutan?	Ano ang mangyayari kung hindi magiging mapanagutan sa gagawing pasiya?	Puna at payo ng magulang
1.			
2.			
3.			

Binabati kita sa iyong pagbuo ng plano sa mga pasiya na iyong gagawin. Nawa'y magsilbi itong inspirasyon sa iyo sa pagtahak mo sa tamang landas ng iyong buhay upang hindi maligaw at magkamali.

Mga Kakailangang Kagamitan: (website, software, mga aklat, worksheet)

Mga Sanggunian:

Galicia, Jane S. (2011) *Ang Pagsasabuhay IV*. Quezon City: Rex Book Store Publication.

Quito, Emerita S. (2008) *Fundamentals of Ethics*. Quezon City: C&E Publication.

Gula, Richard M. (1997) *Moral Discernment*. New Jersey: Paulist Press Publication.

Edukasyon sa Pagpapakatao Grade 7 Learner's Material

Mula sa Internet:

Chris McDonald. *A Guide to Moral Decision Making*. Retrieved from <http://www.ethicsweb.ca/guide/> on February 25, 2014.

Manuel Velasquez. *Thinking Ethically: A Framework for Moral Decision Making*. Retrieved from <http://www.scu.edu/ethics/publications/iie/v7/thinking.html> from February 25, 2014.

_____. *Moral Decision Making and Real – Life Applications*. Retrieved from <http://www.smp.org/resourcecenter/resource/2757/> from February 26, 2014.